# 2

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Tagalog

### Kagamitan ng Mag-aaral

Ang kagamitan sa pagtuturong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga edukador mula sa mga publiko at pribadong paaralan, kolehiyo, at / o unibersidad. Hinihikayat namin ang mga guro at ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa action@deped.gov.ph.

**Kagawaran ng Edukasyon**
**Republika ng Pilipinas**

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalawang Baitang**
**Kagamitan ng Mag-aaral**
**Unang Edisyon, 2013**
**ISBN: 978-971-9601-33-3**

**Paunawa hinggil sa karapatang-sipi**. Isinasaad ng Seksiyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala (*publisher*) at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Br. Armin A. Luistro FSC
Pangalawang Kalihim: Yolanda S. Quijano, Ph.D.

**Mga Bumuo ng Patnubay ng Guro**

**Consultant**: Jennifer Ellazar-Lopez

**Mga Manunulat:** Victoria Guia-Biglete, Maria Carla Mabulay-Caraan, Rolan Baldonado Catapang, Isabel Monterozo-Gonzales

**Tagasuri**: Erico M. Habijan, Ph.D.

**Encoder:** Leah David Bongat
Lay out Artist: Ma. Theresa M. Castro

**Inilimbag sa Pilipinas ng ____________**

**Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS)**

Office Address: 2nd Floor Dorm G, PSC Complex
Meralco Avenue, Pasig City
Philippines 1600
Telefax: (02) 634-1054 or 634-1072
E-mail Address: imcsetd@yahoo.com

# TALAAN NG NILALAMAN

## YUNIT 1:
## Pananagutang Pansarili at Pagiging Kasapi ng Pamilya


| Mga Aralin | Pahina |
|---|---|
| **Aralin 1**: Kakayahan mo, Ipakita mo! | 2 |
| **Aralin 2**: Kakayahan mo, Paunlarin mo! | 7 |
| **Aralin 3**: Kakayahan ko, kahinaan ko! | 14 |
| **Aralin 4**: Kakayahan ko, pahahalagahan ko! | 19 |
| **Aralin 5**: Tik-tak: oras na! | 26 |
| **Aralin 6**: Gawain: tapusin at ayusin | 37 |
| **Aralin 7**:Ito'y atin, alagaan natin! | 50 |
| **Aralin 8**: Tuntunin: dapat sundin! | 60 |
| **Aralin 9**: Sundin para sa bayan natin | 68 |


## YUNIT 2:
## Pakikipagkapwa


| Mga Aralin | Pahina |
|---|---|
| **Aralin 1**: Kaibigan, Maging sino ka man | 79 |
| **Aralin 2**: Kaibigang hindi kakilala | 88 |
| **Aralin 3**: Tingnan mo Kaibigan | 97 |
| **Aralin 4**: Sa salita at gawa: ako'y magalang | 105 |
| **Aralin 5**: Kapwa ko, igagalang ko! | 114 |
| **Aralin 6**: Kapwa ko, mahal ko | 124 |
| **Aralin 7**: Ako ay batang matulungin | 131 |
| **Aralin 8**: Malasakit mo, Natutukoy at nararamdaman ko! | 136 |
| **Aralin 9**: Pagmamahal ko, pinapakita at ginagawa ko! | 146 |


## YUNIT 3:
## Pagmamahal sa Bansa at Pakikibahagi sa Pandaigdigang Pagkakaisa


| Mga Aralin | Pahina |
|---|---|
| **Aralin 1**: Karapatan mo, karapatan ko! | 156 |
| **Aralin 2**: Karapatan ko, kasiyahan ko! | 166 |
| **Aralin 3**: Salamat sa karapatan! | 174 |
| **Aralin 4**: Hinto, hintay, tawid! | 180 |
| **Aralin 5**: Basura mo, Itapon ng wasto! | 186 |
| **Aralin 6**: Luntiang paligid mo, Ligaya sa puso ko! | 194 |
| **Aralin 7**: Kalinisan at kaayusan sa paaralan, pananatilihin ko! | 201 |
| **Aralin 8**: Kalinisan at kaayusan sa pamayanan, pananagutan ko! | 210 |
| **Aralin 9**: Kapayapaan sa bayan ko! | 222 |


## YUNIT 4:
## Pananalig sa Panginoon at Presensya ng Kabutihan


| Mga Aralin | Pahina |
|---|---|
| **Aralin 1**: Salamat po Panginoon! | 230 |
| **Aralin 2**: Biyayan pahahalagahan ko! | 241 |
| **Aralin 3**: Kakayahan ko, gagamitin ko. | 248 |
| **Aralin 4**: Talino at kakayahan ko, Ibabahagi ko | 258 |
| **Aralin 5**: Kasiyahan ko, Tulungan ang kapwa ko | 266 |
| **Aralin 6**: Kakayahan at Talino mo, Paunlarin mo! | 275 |

# Pananagutang Pansarili at Pagiging Kasapi ng Pamilya






# Kakayahan mo, Ipakita mo!

Kumusta ka na?

Sa araling ito, muli nating tuklasin, paunlarin at pahalagahan ang mga kakayahang taglay natin. Tukuyin at sabihin natin ang mga kakayahang makikita sa larawan. Alin sa mga ito ang kaya mong gawin?



## ALAMIN NATIN


Katulad ng mga bata sa larawan, mayroon ka ring taglay na kakayahan. Sino sa kanila ang kaya mong gayahin?





## ISAISIP NATIN

Gumuhit ng kulay pulang bilog sa inyong papel. Sa loob nito, iguhit ang paraan ng pagpapakita mo ng iyong kakayahan.





### Ating Tandaan

Lahat tayo ay may kani-kaniyang kakayahan o potensiyal na maari nating ibahagi sa lipunan sa iba't ibang paraan.

## ISAGAWA NATIN

Pangkatin ang mga sarili ayon sa inyong kakayahan. Halimbawa: pangkat na marunong umawit, pangkat na marunong sumayaw, at iba pa. Bumuo ng isang palabas na magpapakita nito. Ipakita ang nabuong palabas sa loob ng 3-4 na minuto.

## ISAPUSO NATIN




Gamit ang mga larawan sa itaas, sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Batay sa ipinakitang kakayahan ng iyong pangkat, ano ang iyong naramdaman? Bakit?
2. Ano naman ang iyong naramdaman sa ipinakita ng ibang pangkat? Bakit?
3. Aling pangkat ang pinakamahusay? Bakit?



## ISABUHAY NATIN

Nalaman mo na mayroon kang kakayahan. Paano mo ito ipinakikita?



## SUBUKIN NATIN

Gumuhit nang pulang tatsulok kung ang kakayahan ay taglay na, at dilaw na tatsulok kung hindi pa. Isulat sa papel ang iyong sagot.

| **Kakayahan** |
|---|
| 1. Pag-awit |
| 2. Pagsayaw |
| 3. Pagguhit |
| 4. Paglalaro ng dama |
| 5. Paglalaro ng sipa |
| 6. Pakikipagtalastasan |
| 7. Paglangoy |
| 8. Malikhaing pagsulat |



## GINTONG ARAL

Ugaliing lumahok sa mga palabas,
upang kakayahan ay maipamalas.




# Kakayahan mo, Paunlarin mo!

Sa nakaraang aralin ay malaman mo na ikaw ay may natatanging kakayanan. Ngayon ay tutulungan ka ng araling ito upang mapaunlad ang iyong talento.




**Ang Paligsahan**
ni I. M. Gonzales

May paligsahan na gaganapin sa Paaralang Elementarya ng San Andres. Ito'y naglalayong maipakita ang iba't ibang kakayahan

ng mga mag-aaral. Ibinalita ito ni G. Santos

sa kanyang mga mag-aaral at tuwang-tuwa sila. Maipakikita nila ang kanilang kakayahan.

"Lalahok ako sa paligsahan ng sayaw," wika

ni Pepay. "Sa pag-awit naman ako sasali," ayon

kay Kaloy. Marami pang mag-aaral ang nagpahayag ng kanilang kagustuhang lumahok.

Si Lita ay lalahok sa paligsahan sa pagtula, sina Obet at Pam naman ay sasali sa pagguhit at sina Red

at Carla ay lalahok din sa **poster making**.

"Sana manalo tayo," wika ni Kaloy.

Anong paligsahan ang gaganapin sa paaralan?

Sino-sino ang sasali sa paligsahan?

Bakit nais nilang sumali sa mga paligsahan?


Ano ang gusto nilang makamit sa pagsali

sa paligsahan?



## ISAISIP NATIN

Alam mo na kung sino-sino ang sasali sa paligsahan. Matutulungan mo ba silang paunlarin ang kanilang kakayahan? Isulat sa kuwaderno ang iyong mungkahi.



## Pag-usapan natin

1. Paano mo pauunlarin ang iyong kakayahan?
2. Bakit kailangan mo pang magsanay ng iyong kakayahan?

## Ating Tandaan

Ang taglay nating kakayahan ay dapat paunlarin sa ibat ibang pamamaraan tulad ng pagsasanay, pagpapaturo, pagsali sa palatuntunan at paligsahan.



## ISAGAWA NATIN

### Gawain 1

Pangkatin ninyo ang inyong klase upang magsanay ng inyong mga kakayahan.

Samahan ang pangkat nina Pepay, Kaloy, Lita, Obet at Pam, Red at Carla ayon sa iyong kakayahan. Isadula ang ginagawang pagsasanay. Maghanda ng inyong pagsasadula sa loob ng 10-15 minuto.

Ipakita ang inyong dula sa loob ng 2-3 minuto.


- Pangkat ni Pepay (marunong sumayaw)
- Pangkat ni Kaloy (marunong umawit)
- Pangkat ni Lita (marunong bumigkas ng tula)
- Pangkat nina Obet at Pam (marunong sa pagguhit o pagpinta)
- Pangkat nina Red at Carla (marunong sa paggawa ng **poster**)



## ISAPUSO NATIN

Ano ang iyong naramdaman habang nagsasanay ka ng iyong kakayahan?

May nais ka pa bang paunlarin sa mga ito? Dugtungan ang bawat diyalogo ayon sa iyong nararamdaman.





## ISABUHAY NATIN

Ngayon ay napaunlad mo na ang iyong natatanging kakayahan. Gumawa ng tsart katulad ng nasa ibaba sa inyong kuwaderno.

Punan ang tsart at sabihin kung paano napaunlad ang mga ito. Iguhit ang masayang mukha(☺) sa hanay ng pagpapaunlad na iyong ginamit.

| **Natatanging Kakayahan** | **Paraan ng Pagpapaunlad** | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **Nag-sanay** | **Nag-paturo** | **Lumahok sa Palatun-tunan** | **Lumahok sa paligsa-han** |
| Pag-awit | | | | |
| Pagsasayaw | | | | |
| Pakikipagtalastasan | | | | |
| Pagguhit | | | | |
| Paglalaro | | | | |



## SUBUKIN NATIN

Basahin ang sitwasyon at sagutin ang tanong. Isulat sa iyong sagutang papel ang letra ng iyong napiling sagot.

1. Mayroon kang natatanging kakayahan sa pag-awit. Nais mong sumali sa paligsahan. Ano ang dapat mong gawin?


A. Magsasanay sa pag-awit
B. Sasali nang di nagsasanay

2. Marunong kang sumayaw. Gusto mo itong ipakita sa mga kamag-aral mo. Alin sa dalawa ang dapat mong gawin?
   A. Hindi ako sasayaw.
   B. Magsasanay akong mabuti.

3. Nalaman mong may paligsahan sa pagguhit sa paaralan. May ganito kang kakayahan. Dapat ka bang sumali?
   A. Oo. Sapagkat magpapaturo pa ako sa aking guro.
   B. Hindi. Sapagkat nahihiya ako.

4. Mabilis kang tumakbo. May paligsahan sa takbuhan sa iyong paaralan. Alin sa dalawa ang iyong dapat gawin?
   A. Hindi ko ipaaalam na mabilis akong tumakbo.
   B. Kakausapin ko ang aking guro na ako ay sasali at hihilinging sanayin pa ako.

5. May palatuntunan sa paaralan. Sinabi ng guro mo na bibigkas ka ng tula. Ano ang iyong dapat isagot sa guro?
   A. “Opo at magsasanay ako.”
   B. “Ayoko. Nahihiya po ako sa mga kamag-aral ko.”




Kakayahang bigay ng Diyos,
Paunlarin upang magamit ng maayos.





# Kakayahan ko, Pagbubutihin ko!

Sa araling ito ay tatalakayin ang kakayahan at kahinaan ng bawat isa upang mapagbuti ang mga talentong ipinakaloob, mabigyang halaga at maibahagi ito sa iba. Magagawa mo ba ito?



## ALAMIN NATIN

Basahin ang tula.



### TALENTADO AKO
ni I. M. Gonzales

Kamay sa pagguhit
Aking gagamitin
Upang bigyang kulay
Ang paligid natin.

Galaw ng katawan
Sabay sa musika
May ngiti sa labi
Sa tuwi-tuwina.

Malamyos na tinig
Puno ng pag-ibig
Kapag ako'y umaawit
Sila'y lumalapit.

Mga kakayahang
Aking tinataglay
Di ipagkakait
Biyaya ng langit.

Alin sa mga kakayahang nabanggit sa tula ang iyong pinahahalagahan?

Sa paanong paraan mo ito pinahahalagahan?



**ISAISIP NATIN**

Balikan ang binasang tula. Alin sa mga ito ang kaya mong gawin? Hindi mo kayang gawin? Isulat sa tsart sa ibaba.

| **Kaya Kong…** | **Hindi Ko Kayang…** |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

Saang hanay ka mas maraming naisulat?
Ano ang naramdaman mo? Bakit?
Ano ang dapat mong gawin?
Paano mo ito gagawin?



## ISAGAWA NATIN

Ang larawan sa kaliwa ay ilan sa mga kakayahan ng mga bata.

Iguhit ang masayang mukha () at kulayan ng dilaw kung kaya mong gawin ang nasa larawan. Iguhit naman ang malungkot na mukha () at kulayan ng asul kung ito ay hindi mo kayang gawin. Gawin ito sa inyong kuwaderno.


| | |
|---|---|
| 1. |  |
| 2. |  |
| 3. |  |
| 4. |  |
| 5. |  |

Sa gawaing natapos nakita mo ang iyong kakayahan at kahinaan. Naibigay mo na rin kung ano ang dapat mong gawin dito.

## Ating Tandaan

Lahat tayo ay may kakayahan at kahinaan. Ang iyong kakayahan ay dapat pagyamanin. Ang iyong kahinaan ay dapat paunlarin.

## ISAPUSO NATIN




Sa inyong kuwaderno, sumulat ng isa hanggang tatlong pangungusap na nagpapahayag ng pagpapayaman sa iyong kakayahan.



## SUBUKIN NATIN

Isulat sa sagutang papel kung **Tama** o **Mali** ang isinasaad ng pangungusap.

1. Pagyayamanin ko ang aking kakayahan.
2. Pauunlarin ko ang aking kahinaan.
3. Ikahihiya ko ang aking kahinaan.
4. Ipagmamalaki ko ang aking kakayahan.
5. Ibabahagi ko ang aking kakayahan.



## GINTONG ARAL

| |
|---|
| Lakas ng loob ang kailangan,<br>Upang magtagumpay sa lahat ng bagay |





# Kakayahan ko, Pahahalagahan ko!


Natutunan mo sa nakaraang aralin na dapat paunlarin ang mga natatanging kakayahan.

Sa araling ito ay higit mo pang mapahahalagahan at magagamit ng wasto ang mga katangiang ito.




Basahin ang diyalogo.






## Pag-usapan natin

1. Bakit binati ng guro ang kanyang mag-aaral?
2. Sino-sino ang sumali sa paligsahan?
3. Masaya ka ba para sa kanila?



## ISAISIP NATIN

Basahin nang tahimik ang maikling kuwento.

Nagkaroon ng palatuntunan sa plaza. Inanyayahan ang mga mag-aaral ng Paaralang

Elementarya ng San Andres na ipamalalas ang kanilang mga kakayahan. Sila'y nagtanghal ng iba't ibang bilang tulad ng pagsayaw, pag-awit, pagbigkas ng tula, at pagtugtog ng gitara.

Sumayaw si Pepay, umawit si Kaloy habang tumutugtog ng gitara ni Rodel. Bumigkas ng tula si Lita. Sina Red at Carla naman ang gumawa ng **poster** para sa palatuntunan. Masaya nilang ipinakita ang kanilang kakayahan.

Tuwang-tuwa sa kanila ang taga-ugnay ng programa.

Paano ipinakita ng mag-aaral ang kanilang talento?

Ano ang kanilang naramdaman sa pagpapakita ng kanilang kakayahan?

Paano mo naman ginagamit at pinahahalagahan ang iyong natatanging kakayahan?

## Ating Tandaan

Ang talento o kakayahan ay higit na mapahahalagahan kung ito ay ginagamit ng may kasiyahan.



## ISAGAWA NATIN

### Gawain 1


Bumuo ng apat na pangkat ayon sa inyong kakayahan. Sabihin kung paano pinahahalagahan ang inyong natatanging kakayahan. Talakayin sa klase.



**Pangkat 1**
mahusay umawit



**Pangkat 2**
mahusay sumayaw



**Pangkat 3**
mahusay gumuhit



**Pangkat 4**
mahusay tumula

**Gawain 2**

Basahin ang sumusunod na tanong. Lagyan ng ✓ ang kaukulang hanay. Gawin ito sa inyong kuwaderno.

| | **Oo** | **Hindi** |
|---|---|---|
| 1. Kung ikaw ay marunong sa pagguhit, tutulong ka ba sa iba? | | |
| 2. Mayroon kang kakayahan sa pag-awit hihimukin mo ba ang iba sa pag-awit? | | |
| 3. Kung may kakayahan ka sa pagsayaw, gaganap ka lang ba ? | | |
| 4. Alam mong mahusay ka sa larangan ng pag-arte. Susubukan mo bang mag-**audition**? | | |
| 5. May gagawing pagsasanay sa pag-aayos ng bulaklak sa plasa at mahilig ka dito. Lalahok ka ba? | | |



## ISAPUSO NATIN

Anong naramdaman mo habang ginagawa ang pangkatang gawain?

Gumupit ng isang larawan na nagpapakita ng inyong nararamdaman at idikit ito sa inyong kuwaderno.

Pagmasdan ang mga dinalang larawan. Pumili ng isa na nagpapakita ng inyong kakayahan.

Idikit ang napiling larawan sa inyong kuwaderno.

Ipaliwang kung bakit ito nagpapakita ng pagpapahalaga sa iyong kakayahan.



## ISABUHAY NATIN

**Gawain1**

Sa isang papel, iguhit ang iyong sarili habang nagpapamalas ng iyong natatanging kakayahan. Sa ibaba ng iyong drowing, sabihin kung paano mo ginagamit ang iyong talento.

**Gawain 2**

Tapusin ang bawat pangungusap. Isulat sa kuwaderno ang iyong sagot.

1. Ako ay may kakayahan sa_____________.
2. Pinahahalagahan ko ito sa pamamagitan ng________.



## SUBUKIN NATIN

Iguhit ang masayang mukha **(☺)** kung tama ang isinasaad ng pangungusap at malungkot na mukha **(☹)** kung mali. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Masaya ako kapag nakapagtatanghal ako sa aming palatuntunan.
2. Ayokong sumali sa mga palatuntunan sapagkat nahihiya akong ipakita ang aking talento.
3. Tutulungan kong mapaunlad ang talento ng aking kamag-aaral.
4. Pinasasalamatan ko ang mga taong natutuwa sa aking kakayahan.
5. Magiging mayabang ako dahil alam kong may natatangi akong talento.



## GINTONG ARAL

> Mahalaga ang talento,
> Gamitin ito nang wasto.




# Tik-tak: oras na!

Sa araling ito ay bibigyang pansin ang kahalagahan ng mga tuntunin at pamantayang itinakda ng paaralan sa tamang oras ng pagpasok.



**ALAMIN NATIN**


Basahin ang kuwento.

## Ang Magkapatid

ni R. B. Catapang


Tuwing gabi, bago matulog ay inihahanda ng magkapatid na Ronan at Rolan ang kanilang gamit sa pagpasok. Isinasabit na nila ang kanilang uniporme sa lugar na madali nilang makikita. Sinisigurado nila na kumpleto ang gamit na nasa loob ng kanilang bag bago sila matulog.


Pagkagising sa umaga, sabay silang nagdarasal at nagpapasalamat sa Diyos para sa isang bagong umaga.




Inililigpit nila ang kanilang tulugan at inihahanda ang kanilang sarili sa pagpasok. Sila ay naliligo, nagbibihis, at kumakain bago magtungo sa paaralan.







Nakarating sila sa paaralan sa tamang oras at nakadalo sa pagtataas ng watawat.




Sagutin ang sumusunod na tanong.


1. Ano ang ginawa ng magkapatid na Ronan at Rolan matapos nilang kumain ng hapunan?
2. Ano-ano naman ang kanilang ginawa pagkagising sa umaga?
3. Ano ang naging mabuting bunga ng maagang paghahanda ng magkapatid?
4. Bakit nila ginawa ang mga paghahandang ito?
5. Kung ikaw si Ronan o si Rolan, gagawin mo rin ba ang mga paghahandang ginawa nila? Bakit?





## ISAISIP NATIN


Suriin ang sumusunod na larawan. Pag-usapan ang mga ito. Piliin ang nagpapakita ng paghahanda para sa pagpasok sa paaralan sa tamang oras.






Ano-ano ang dapat mong gawin upang makapasok sa tamang oras?

Bakit kailangan mong pumasok sa paaralan sa tamang oras?


## Ating Tandaan

Ang pagpasok sa tamang oras ay isa sa mga tuntunin at pamantayang itinakda sa paaralan. Mahalaga ang mga ito para sa ikabubuti natin. Ang pagtupad nito ay tanda o pagpapakita ng pakikiisa.

## ISAGAWA NATIN

**Gawain 1**


Isulat ang tsek (✓) kung ang larawan ay nagpapakita nang pagpasok sa tamang oras at ekis ( ✗ ) naman kung hindi. Gawin ito sa inyong kuwaderno.



## Gawain 2

Pag-aralan ang sumusunod na sitwasyon. Piliin ang larawan na nagpapakita ng dapat mong gawin upang makapasok sa tamang oras. Isulat ang letra ng tamang sagot sa inyong kuwaderno.


1. Oras na ng pagpasok sa paaralan. Niyaya ka ng kapatid mo na maglaro muna bago pumasok. Ano ang dapat mong gawin?









2. Papasok ka sa paaralan. Tinawag ka ng iyong kaklase para maglaro sa **computer shop**. Ano ang dapat mong gawin?




3. Tumunog na ang **bell** sa pagtataas ng watawat habang ikaw ay naglalaro. Ano ang dapat mong gawin?



A.



B.

4. Gabi na ngunit pinuntahan ka ng iyong kaibigan para manood ng larong **basketball** sa plasa.  Ano ang dapat mong gawin?




A.




B.

5. Oras na para matulog at may pasok kinabukasan, subalit maganda ang palabas sa telebisyon. Ano ang dapat mong gawin?



A.



B.



**ISAPUSO NATIN**

Ngayon ay alam mo na ang mga dapat gawin ng isang mag-aaral upang makapasok sa tamang oras.

Gaano mo kadalas ginagawa ang sumusunod na tuntunin? Gumawa ng tseklist sa inyong kuwaderno katulad ng nasa ibaba.

Iguhit ang tamang bilang ng orasan ( ) sa bawat gawain na nasa tseklis. Sundin ang pamantayan sa pagsagot.

- Palagi kong ginagawa
- Paminsan-minsan kong ginagawa
- Hindi ko ginagawa

| Mga Ginagawa Ko | |
|---|---|
| 1. Inihahanda ko ang aking mga gamit bago matulog. | |
| 2. Natutulog ako at gumigising sa tamang oras. | |
| 3. Iniiwasan ko ang panonood ng teleserye kung oras na ng pagtulog. | |
| 4. Mabilis kong ginagawa ang paghahanda sa sarili pagkagising sa umaga. | |
| 5. Umaalis ako sa bahay sa tamang oras upang hindi mahuli sa klase. | |




Alam mo na ngayon ang mga dapat gawin upang makapasok sa tamang oras.

Naranasan mo na ba ang mahuli sa pagpasok sa paaralan? Ano ang iyong naramdaman? Ibahagi sa klase ang dahilan ng pagkahuli mo sa klase.

Sa iyong palagay, ano ang dapat mong gawin upang ito ay maiwasan?



## SUBUKIN NATIN

Basahin ang sumusunod na pangungusap. Isulat sa papel ang tsek (✓) kung ito ay nagpapakita ng pagsunod sa tuntunin at pamantayang itinakda sa paaralan at ekis (✖) naman kung hindi.

1. Inihahanda ko ang aking mga gamit sa pagpasok bago matulog sa gabi.
2. Maaga akong gumising.
3. Muli akong natutulog kapag maaga akong nagising sa umaga
4. Nanonood ako ng teleserye sa telebisyon hanggang ika-8:00 ng gabi lang dahil may pasok kinabukasan.
5. Dumadaan muna ako sa tindahan upang bumili ng **junk food** kahit mahuhuli na sa klase.



## GINTONG ARAL

> Oras ay mahalaga, huwag nating sayangin.
> Ugaliing maging maagap,
> upang biyaya ng Diyos ay ating kamtin.




# Gawain: tapusin at ayusin

Sa araling ito ay maiisa-isa ang kahalagahan ng mga tuntunin at pamantayang itinakda ng paaralan at pamayanan sa pagtapos ng mga gawain.




**Ang Paggawa ng Banderitas**.

Malapit na ang pagdiriwang ng Pista sa Brgy. San Jose. Naatasan ang klase ni G. Ragas na gumawa ng mga banderitas. Kinausap niya ang mga bata tungkol sa mahalagang gawaing ito. Hinati niya ang klase sa 5 pangkat at ibinigay ang gabay sa paggawa ng proyekto.



Gabay sa paggawa ng banderitas:

1. Kumuha ng tali na may habang 2 metro.
2. Gumupit ng iba't ibang kulay ng **art paper** na hugis tatsulok.

3. Idikit ang mga ginupit na hugis tatsulok sa tali upang makabuo ng maganda at makulay na banderitas.
4. Isabit ang mga banderitas sa loob ng silid-aralan.

Natapos ba ng inyong pangkat ang ibinigay na gawain?

Paano ninyo natapos ang ibinigay na gawain?



**ISAISIP NATIN**

Pag-aralan ang sumusunod na larawan. Ano ang ipinahihiwatig ng mga ito sa atin?

**Sa paaralan**:

Pauwi ka na ng inyong bahay, ngunit nakita mong marumi ang pisara ng inyong silid-aralan. Ano ang dapat mong gawin?





Sa inyong paglalakad sa harap ng inyong paaralan ay nakita mong may nakakalat na bote ng tubig na walang laman. Ano ang dapat mong gawin?

Napansin mong magulo ang mga upuan ng inyong silid-aralan dahil nalimutang ayusin matapos walisan. Ano ang dapat mong gawin?




**Sa tahanan**:




May ginamit kang baso at plato sa pagkain mo ng meryenda sa inyong hapag-kainan. Ano ang dapat mong gawin?

Pagkagising mo sa umaga, ano ang dapat mong gawin sa ginamit na unan at kumot sa iyong silid-tulugan.



**Sa pamayanan**:

Matapos mamasyal sa parke ay nagkayayaan kayong mag-anak na kumain sa **restaurant**. Ano ang dapat ninyong gawin sa mga upuan na inyong ginamit?



## Ating Tandaan

Ang pagsunod sa mga tuntunin at pamantayang itinakda sa paaralan, tahanan at pamayanan ay makatutulong upang matapos ng maayos ang mga gawain. Kinakailangan nating tapusin ang mga nasimulang gawain dahil ito ay tanda o pagpapakita ng pagkakabuklod at pagkakaisa natin.

ISAGAWA NATIN

## Gawain 1

Suriin ang mga larawan. Ano ang iyong gagawin kung ikaw ang batang nasa larawan? Isulat ang iyong sagot sa inyong kuwaderno.



Ano ang dapat mong gawin sa walis, bunot at basahan na ginamit sa paglilinis ng bahay?




Ano ang dapat mong gawin sa unan at kumot na ginamit mo sa pagtulog?



Ano ang dapat mong gawin sa hinubad na damit?




Ano ang dapat mong gawin sa kuwaderno at lapis matapos kang gumawa ng takdang-aralin?





Ano ang dapat mong gawin sa baso at plato na ginamit sa pagkain ng meryenda?

## Gawain 2

Pagtapat-tapatin. Basahin ang mga sitwasyon sa hanay A at piliin ang tamang larawan sa hanay B na nagpapakita ng pagtapos ng gawain. Isulat ang letra ng tamang sagot sa inyong kuwaderno.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Tumutulong ako sa aming guro sa paglilinis ng mga pinaggupitan papel sa paggawa ng dekorasyon. |  A. |
| 2. Pinupunasan ko ang lamesa matapos naming kumain. |  B. |

| | |
|---|---|
| 3. Namumulot ako ng mga basurang nakakalat sa aming paligid. |  C. |
| 4. Gumagawa muna ako ng proyekto bago makipaglaro sa aking mga kaibigan. |  D. |

| | |
|---|---|
| 5. Isinasara ko ang nakabukas na gripo sa **hand washing area** ng aming paaralan. |  **E.** |
| |  **F.** |



## ISAPUSO NATIN

Ngayon ay alam mo na ang mga dapat gawin ng isang mag-aaral upang matapos nang maayos ang isang gawain.

Gumawa ng tseklis sa inyong kuwaderno katulad ng nasa ibaba.

Lagyan ng tsek (✓) ang hanay kung gaano mo kadalas ginagawa ang sumusunod na tuntunin. Gamitin ang pamantayang ito.

**3** – Madalas  **2** - Paminsan-minsan  **1** – Hindi

| **Mga tuntunin** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|
| 1. Tinatapos ko ang aking takdang aralin bago matulog. | | | |
| 2. Tumutulong ako sa pag-aayos ng mga upuan sa aming silid-aralan. | | | |
| 3. Inaayos ko ang aking higaan pagkagising. | | | |
| 4. Hinuhugasan ko ang baso matapos kong gamitin. | | | |
| 5. Isinasara ko ang gripo sa palikuran kapag naabutan kong nakabukas ito. | | | |



## ISABUHAY NATIN

Ikaw ba ay isang batang handang sumunod sa mga tuntunin at pamantayan sa paaralan at pamayanan upang matapos ng maayos ang mga gawain?

Pag-usapan sa bawat pangkat kung bakit kailangang itong gawin.

**Gabay sa pangkatang gawain:**

1. Bumilang ng isa hanggang lima.
2. Magsama-sama ang lahat ng isa, dalawa, tatlo, apat at lima.
3. Matapos mabuo ang pangkat, pumili ng lider na siyang mangunguna sa pangkatang talakayan / gawain.
4. Ibahagi ng lider sa buong klase ang napag-usapan ng pangkat.



## SUBUKIN NATIN

Basahin ang sumusunod na pangungusap. Sagutin ito kung **Tama** o **Mali**. Isulat ang sagot sa papel.

1. Iniiwan kong nakabukas ang gripo matapos maligo.
2. Nalilinis ko ang lugar na pinaggawan ko ng aking proyekto bago ito iwanan.
3. Iniiwanan kong nakakalat ang mga ginamit kong aklat sa mesa matapos gawin ang takdang-aralin.
4. Ibinabalik ko sa tamang lalagyan ang mga ginamit ko sa paliligo.
5. Inaayos ko ang mga kuwaderno sa aking bag bago umalis ng paaralan.



## GINTONG ARAL

| |
|---|
| Ang mga gawaing sinimulan na, ay dapat na ayusin at tapusin; at huwag nang ipagpabukas pa. |




# Ito'y atin, alagaan natin!

Sa araling ito ay maiisa-isa ang kahalagahan ng mga tuntunin at pamantayang itinakda ng paaralan at pamayanan sa wastong paggamit ng pampublikong pasilidad o kagamitan.





Basahin ang kuwento.

## Ang Masayang Pamilya

ni R. B. Catapang

Sabado ng umaga. Nagkayayaan mamasyal sa parke ang pamilya Baet.




Sa parke, natanaw ni Karlo ang palaruan. “Itay, Inay, puwede po ba akong pumunta doon sa palaruan?” tanong ni Karlo. “Oo naman anak, isama mo ang ate Katrina mo,” sagot ni tatay Simon.

“Maraming salamat po,” ang sagot ng magkapatid. At masaya silang naglaro.

Matapos maglaro, niyaya ni Karlo ang kanyang ate Katrina na bumili ng tubig.



Nang maubos na ang tubig sa bote, itinapon ni Karlo ito sa damuhan. Nakita ito ni Katrina at sinabing “huwag mong itapon sa damuhan ang bote.  Doon mo itapon sa basurahan.”
“Oo nga pala ate, salamat sa paalala,” ang mabilis na tugon ni Karlo habang pinupulot ang bote.



Matapos maglaro niyaya sila ng kanilang tatay at nanay na kumain sa **Mac-Joe Restaurant**.




Sapagkat maraming bumibili, pumila si Mang Simon upang umorder ng pagkain. Habang kumakain masayang nagkuwentuhan ang mag-anak. “Itay, Inay, kailan po ba uli tayo mamamasyal?” tanong ni Karlo. “Sa susunod na buwan anak,” sagot ni Mang Simon.

At masayang umuwi ang mag-anak.


Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Ano-anong pampublikong pasilidad ang nabanggit sa kuwento?
2. Paano ginamit ng mag-anak ang mga ito?
3. Sa iyong palagay, nagamit ba nila nang tama ang pampublikong pasilidad? Bakit?



**ISAISIP NATIN**

Ang sumusunod na larawan ay mga pampubikong pasilidad na matatagpuan sa ating pamayanan. Ano ang mga tuntunin at pamantayan sa wastong paggamit ng mga ito.








Pag-usapan natin

1. Ano-anong mga tuntunin at pamantayan ang ipinakita sa larawan tungkol sa wastong paggamit ng pampublikong pasilidad sa pamayanan?



## Ating Tandaan




Ang pagsunod sa mga tuntunin at pamantayan sa paggamit ng mga pampublikong kagamitan o pasilidad ay pagpapakita ng pangangalaga at pagtulong sa ating pamayanan.

ISAGAWA NATIN

## Gawain 1

Pagtapat-tapatin. Basahin ang mga tuntunin sa hanay A at piliin ang tamang larawan sa hanay B na nagpapakita ng pagtapos ng gawain. Isulat ang letra ng tamang sagot sa inyong kuwaderno.

<table>
<tr><th>Hanay A</th><th>Hanay B</th></tr>
<tr><td>1. Bawal pumitas ng bulaklak sa parke.</td><td>A.<br>
</td></tr>
<tr><td>2. Bawal magtapon ng basura dito.</td><td>B.<br>
</td></tr>
<tr><td>3. Iwasan ang pagsusulat o pagguhit sa pader o bakod.</td><td>C.<br>
</td></tr>
</table>

| | |
|---|---|
| 4. Bawal ang umihi dito. | **D.**   |
| 5. Iwasan ang pagtapak o pagsira sa mga halaman. | **E.**   |
| | **F.**   |

## Gawain 2

Pangkatang gawain:

Gabay sa pangkatang gawain:

1. Pangkatin ang klase sa lima.
2. Matapos mabuo ang pangkat, pumili ng lider na siyang mangunguna sa pangkatang gawain.
3. Bawat pangkat ay gagawa ng **poster** tungkol sa tuntunin sa paggamit ng mga pampublikong pasilidad.
4. Ipapaskil ng lider sa pisara ang ginawang **poster**.
5. Ipapaliwanag sa buong klase ang ginawang **poster**.



## ISAPUSO NATIN

Alam mo na ngayon na may mga tuntunin at pamantayan sa wastong paggamit ng mga pampublikong pasilidad sa inyong pamayanan.

Magbigay ng tatlong tuntunin na palagi mong sinusunod. Isulat ito sa kuwaderno.

| **Sa Palaruan** | **Sa Kainan** | **Sa Parke o Plaza** |
|---|---|---|
| ____________________ | ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | ____________________ | ____________________ |
| _____ | _____ | _____ |



## ISABUHAY NATIN

Gamit ang **show me board** isulat ang tuntunin at pamantayan sa wastong paggamit ng mga pampublikong pasilidad na ipapakita ng guro.



## SUBUKIN NATIN

Basahin ang sumusunod na pangungusap. Tukuyin kung ito ay **Tama** o **Mali** at isulat ang sagot sa patlang sa papel.

1. Pagsunod sa pila kapag bumibili ng pagkain sa kantina.
2. Pag-iwas sa pamimitas ng mga bulaklak sa parke.
3. Paglalaro sa halamanan sa palaruan.
4. Pagsusulat sa pader o bakod.
5. Pagtatapon ng mga basura sa tamang lalagyan.



## GINTONG ARAL

| |
|---|
| Pampublikong pasilidad ay gamitin,<br>Ito’y atin kaya’t alagaan natin,<br>Upang patuloy na pag-unlad ng bayan<br>ay kamtin! |




# Tuntunin: dapat sundin!

Ang ating mga paaralan ay may mga tuntuning ipinatutupad sa bawat isa sa atin.

Sa araling ito, malalaman at matututunan mo ang mga paraan at kahalagahan ng pagsunod sa mga tuntuning itinakda ng paaralan.



**ALAMIN NATIN**

Basahin mo ang kwento ni Melissa.



Siya si Melissa. Nasa Ikalawang Baitang siya sa Paaralang Elementarya ng San Andres. Ikaanim pa lang ng umaga ay naghahanda na siya sa pagpasok. Suot niya ang malinis niyang uniporme at **ID card** na pagkakakilanlan sa kanya. Sabi ng kanyang guro, dapat ay nasa paaralan na sila sa ganap na ikapito ng umaga para sa seremonya ng pagtataas ng watawat.

## *Pag-usapan natin*

1. Makakadalo kaya si Melissa sa pagtataas ng watawat ng Pilipinas sa kanilang paaralan?
2. Ano-anong pag-uugali ang ipinakita ni Melissa sa kwento?
3. Nakasunod ba si Melissa sa sinabi ng kanyang guro na dapat ay nasa paaralan na sila sa ikapito ng umaga? Bakit?
4. Sa kuwentong nabanggit, katulad ka ba ni Melissa na sumusunod sa tuntunin ng paaralan? Bakit?
5. Ano-ano kaya ang tuntunin na ipinatutupad sa paaralan nina Melissa? Isa-isahin mo ang mga ito?
6. Kusang loob kaya niya itong sinusunod? Ipaliwanag.



**ISAISIP NATIN**

Pag-aralan mo ang sumusunod na sitwasyon.



Maraming laruan sa silid-aralan ni Gng. Bernardo. Napagkasunduan ng klase na kailangang maibalik ang mga laruan sa tamang lagayan matapos nila itong

gamitin. Sinang-ayunan ito ng kanilang guro. Isa si Dan sa mga mag-aaral ni Gng. Bernardo na naglaro sa mga laruang ito.

Ano kaya ang dapat niyang gawin matapos maglaro? Bakit?

Sina Dino at ang kanyang mga kaibigan ay mahilig maglaro ng **soccer**. Humiram sila ng bola kay G. Reyes sa oras ng **recess**. Habang sila ay naglalaro biglang tumunog ang **bell** bilang hudyat na tapos na ang **recess**. Nagtakbuhan ang mga kaibigan ni Dino pabalik sa kanilang silid-aralan. Naiwan siya sa palaruan.




Ano ang dapat gawin ni Dino? Bakit?




Ano ang masasabi mo sa ipinakita ng dalawang bata?

Tama ba ang ginawa ni Kiko?

Tama ba ang ginawa ni Rolan?

Ano ang tuntunin ng paaralan na ipinakita sa sitwasyong ito?

Nasunod kaya ng dalawang bata ang tuntunin? Paano?

## Ating Tandaan

Ang mga tuntunin at napagkasunduang gawain sa paaralan ay kinakailangang kusang-loob na sundin. Hindi na tayo dapat laging paalalahanan pa. Ito ay tinatawag na disiplinang pansarili.




Bumuo kayo ng anim na pangkat. Bawat pangkat ay bibigyan ng **activity card** na nakasaad ang isang tuntunin o napagkasunduang gawain sa inyong paaralan. Ipakita sa pamamagitan ng pagsasadula ang paraan ng pagsunod sa loob ng 2-3 minuto. Itala sa tsart sa ibaba ang mga obserbasyon ng bawat pangkat.

| Tuntunin | Paraan ng Pagsunod | Tama | Mali |
|---|---|---|---|
| Halimbawa: Magsuot ng ID card sa pagpasok sa paaralan. | Dala ang ID card pero nasa loob ng bag. | | ✓ |



## ISAPUSO NATIN

Isulat sa tsart ang mga tuntunin at napagkasunduang gawain sa inyong paaralan.

Lagyan ng tsek (✓) ang hanay na angkop sa iyong kasagutan. Sundin ang pamantayan sa ibaba:

**A** – Palaging sinusunod

**B** – Madalas na sinusunod

**C** – Minsan lang sinusunod

**D** – Hindi sinusunod

**E** – Hindi alam

| Mga Tuntunin | A | B | C | D | E |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |



## ISABUHAY NATIN

Pumili ka ng isang tuntunin na hindi mo sinusunod o minsan mo lang sinusunod. Isulat sa papel kung bakit hindi mo ito palaging sinusunod at ano ang gagawin mo upang sundin ito ngayon.

Ako si ________________________________________
ay hindi sumusunod / minsan lang sumusunod sa tuntunin ng paaralan na

____________________________________________________

dahil ____________________________________________

____________________________________________________

__________________________________________________ .

Mula ngayon ito ang aking gagawin:

____________________________________________________

____________________________________________________

____________________________________________________

_________________________________________________

______________________

(Lagda)



**SUBUKIN NATIN**

Pag-aralan mo ang sumusunod na sitwasyon.

Isulat sa papel ang **Tama** kung sumunod sa tuntunin o napagkasunduang gawain ang mag-aaral at **Mali** naman kung hindi.

1. Isa sa tuntunin ng paaralan ang paghihiwalay ng basura sa nabubulok at di-nabubulok. Itinapon ni Dan ang plastik na bote sa basurahang may nakasulat na “Nabubulok”.

2. Ang sabi ng guro nina Mar ay ilalagay sa kahon na “**Lost and Found**” ang mga napulot na bagay na hindi kanila. Nakapulot siya ng isang lapis habang naglilinis ng silid-aralan. Inilagay niya ito sa kahon ng “**Lost and Found**”.

3. Ipinatutupad sa paaralan ang kalinisan. Nakakuha ng krayola si Peter at sinulatan niya ang dingding ng kanilang silid-aralan.
4. Unang oras sa hapon ang simula ng klase nina Bert. Nakagawian na niyang maglaro patungo sa kanilang paaralan. Ika-isa at kalahati na ng hapon kung siya ay dumating.
5. Nakita ni Gina ang maganda at mabangong bulaklak sa hardin ng paaralan. Gustong-gusto niya itong pitasin ngunit nabasa niya ang babalang “Bawal pitasin ang mga bulaklak” kaya masaya na lamang niya itong tiningnan.



**GINTONG ARAL**

| |
|---|
| Ang pagsunod ay nakalulugod. |




# Sundin para sa bayan natin

Napag-alaman mo sa naunang aralin na ang ating mga paaralan ay may mga tuntunin at napagkasunduang gawain na dapat nating kusang-loob na sundin. Gayundin kaya sa pamayanan?






Magkaroon ng isang munting paglalakbay sa inyong lugar.

Alamin ang mga tuntuning matatagpuan sa inyong pamayanan.


Ano-ano ang mga tuntunin na nakita ninyo sa pamayanan?

Paano ito sinusunod ng mga mamamayan?



## ISAISIP NATIN

Basahin mo ang kuwento ng magkapatid na May at Mel.




Si May at Mel ay nakatira sa pamayanang ito. Mula sa kanilang bahay ay lumalakad lamang sila patungong paaralan. Sinisiguro nilang ligtas sila sa paglalakad kaya sinusunod nila ang mga tuntunin sa kanilang pamayanan.



Isang araw habang sila ay naglalakad, napatigil ang magkapatid dahil nag-ilaw pula ang ilaw-trapiko para sa naglalakad na tao.

Sa pagpapatuloy ng paglalakad sinisiguro nilang sa tamang tawiran sila dumaraan.



Pinatutupad din sa kanila ang pagkakaroon ng malinis na pamayanan. Nang may makitang basurahan si Mel itinapon niya ang balat ng kendi sa basurahang may nakasulat na “Di-Nabubulok”.




*Pag-usapan natin*

1. Mula sa kuwento, ano-ano ang tuntunin sa pamayanan nina May at Melvin? Paano nila ito sinunod?
2. Tama bang sundin natin ang mga tuntunin ng ating pamayanan? Bakit?
3. Ano-ano pa ang mga tuntunin na ipinatutupad sa inyong pamayanan? Ano ang inyong ginagawa upang sundin ang mga ito? Bakit?

## Ating Tandaan

Ang mga tuntunin ng ating pamayanan ay pinag-isipan at pinagkasunduan ng mga namamahala sa ating pamayanan. Layunin nilang mapaunlad at maisaayos ang ating pamayanan. Makatutulong tayo sa pamayanan kung susunod tayo sa mga tuntuning kanilang ipinatutupad. Ito ay isang paraan ng pagpapakita ng disiplina sa ating sarili.






**Mamasyal at Matuto**

Namamasyal ang mag-anak ni Mang Tony. Habang nasa parke nagsabi si Dino sa kanyang mga magulang na kailangan niyang gumamit ng palikuran. Ano ang dapat nilang gawin? Paano nila gagamitin nang wasto ang palikuran?



## ISAPUSO NATIN

Bituin, Bituin Ikaw Ba'y Nasa Akin?

Basahin ang mga tuntuning nakalista sa kaliwa. Suriin ang iyong sarili kung gaano kadalas mo itong nasusunod. Gumuhit ng bituin at kulayan ito ng dilaw gamit ang pamantayan sa ibaba. Gawin ito sa inyong kuwaderno.

**5 bituin** - Palagi kong sinusunod

**4 bituin** - Madalas kong sinusunod

**3 bituin** - Minsan ko lang sinusunod

**2 bituin** - Hindi ko sinusunod

**1 bituin** - Hindi ko alam

**A.**


| **Mga tuntunin** | |
|---|---|
| 1. Nagagamit ko nang wasto ang mga pampublikong palikuran. | |
| 2. Inilalagay ko ang basura sa tamang lalagyan. | |
| 3. Tumatawid ako sa tamang tawiran. | |
| 4. Sumusunod ako sa Batas Trapiko. | |
| 5. Tumutulong ako sa pagpapanatili ng kalinisan sa aming pamayanan. | |


**B.** Ano-ano pa ang tuntunin na ipinatutupad sa inyong lugar? Itala ang mga ito sa tsart sa ibaba. Gumuhit ng bituin at kulayan ito ayon sa pamantayang ginamit sa gawain A. Gawin ito sa inyong kuwaderno.


| **Mga tuntunin sa aming Pamayanan** | |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |






**A.** Ang sumusunod na larawan ay ilan sa mga tuntunin na makikita sa ating pamayanan. Isulat ang letra ng larawan sa inyong kuwaderno na nagpapakita ng tamang pagsunod sa mga tuntunin.




2
A.
B.


3
A.
B.


4
BAWAL UMIHI DITO
A.
COMFORT ROOM
LALAKI
B.


5
A.
B.

**B.** Ano ang inyong dapat gawin sa sumusunod na sitwasyon?

1. Isa sa ipinasusunod sa inyong lugar ang pagbabawal sa mga mag-aaral na pumunta sa **computer shop** sa oras ng klase. Niyaya ka ng iyong kapitbahay na pumunta muna sa **computer shop** bago pumasok. Ano ang dapat mong gawin? Ipaliwanag.

2. Nagmamadali ka sa pagpasok sa paaralan dahil malapit ka nang mahuli sa iyong klase. Napadaan ka sa harap ng plasa. Nakita mo ang iba mong kaklase na naglalaro dito. Ano ang dapat mong gawin? Bakit?



**SUBUKIN NATIN**

Isulat sa papel ang letra ng tamang pagsunod sa mga tuntunin ng pamayanan.

1. Ipinag-uutos sa inyong pamayanan na ang mga basura sa inyong bahay ay ilalabas lang kung daraan na ang trak na nangongolekta ng basura. Puno na ang inyong basurahan pero sa isang araw pa daraan ang trak. Ano ang dapat mong gawin?

   A. Dadalhin ko na sa kanto ang aming basura.

B. Itatapon ko muna sa ilog ang aming mga basura.
C. Ilalagay ko muna sa isang bahagi ng bahay ang aming basura.
D. Susunugin ko na lang ang aming mga basura.

2. Oras ng **recess**, inakit ka ng iyong kaklase na pumunta muna sa **computer shop** na malapit sa inyong paaralan. Ano ang dapat mong gawin?

    A. Sasama ako sa aking kaklase.
    B. Hindi ako sasama sa aking kaklase.
    C. Ituturo ko ang iba kong kaklase para siya ang isama.
    D. Isusumbong ko siya sa aking guro.

3. Gutom na gutom ka na. Pumunta ka sa isang kainan pero nakita mong mahaba ang pila sa pagbili ng pagkain. Ano ang dapat mong gawin?

    A. Makikipag-unahan ako sa pila.
    B. Hahanap ako ng kakilala sa unahan ng pila at magpapabili ako.
    C. Lalapit ako sa tindera at sasabihin kong ako ang unahin.
    D. Pipila ako at maghihintay hanggang sa ako na ang pagbibilhan

4. Naglalaro kayong magkakaibigan sa patyo ng simbahan. Tumakbo ang iyong mga kalaro sa loob ng simbahan at doon naglaro. Ano ang dapat mong gawin?

A. Aabangan ko na lang silang lumabas ng simbahan.
B. Susundan ko sila sa loob ng simbahan upang pagsabihan.
C. Uunahan ko silang maglaro sa loob ng simbahan.
D. Hindi ko sila papansinin paglabas ng simbahan.

5. May palatuntunan sa inyong plasa. Puno ng mga tao kaya hindi mo makita ang palatuntunan. Nakita mo ang halamanan sa parke at sigurado ka na makikita mo ang palatuntunan kung tatapak ka dito. Ano ang dapat mong gawin?

   A. Hahanap na lang ako ng ibang lugar na hindi ko masisira ang mga halaman.
   B. Pupunta ako sa halamanan sa plasa para makita ko ang palabas.
   C. Papaalisin ko ang taong nasa unahan para makita ko ang palabas.
   D. Makikipagsiksikan ako upang makita ko ang palatuntunan.




Mga gamit sa paaralan at pamayanan, Ibalik ng maayos kapag hindi kailangan.

# YUNIT 2

## Pakikipagkapwa






# Kaibigan, Maging sino ka man

Araw-araw, iba't ibang tao ang ating nakakasalamuha at pinakikitunguhan. Sa araling ito, matututunan natin ang mga dapat gawing pakikitungo sa ating mga kapitbahay, kamag-anak at kamag-aral.



## ALAMIN NATIN

Tingnan mo ang mga larawan sa ibaba. Ano ang masasabi mo sa mga larawan?







Minsan mayroon tayong ganitong mga kapitbahay, kamag-aral at kamag-anak. Sila ay ating mga nakakasalamuha sa araw-araw.

- Ano ang iyong mararamdaman kung makikita mo sila?
- Ano ang iyong gagawin? Bakit?
- Mayroon ka bang maitutulong sa kanila? Paano?

Tumawag ka ng iyong kaibigan o kaklase at pag-usapan ninyo ang tungkol sa inyong mga sagot.




**ISAISIP NATIN**

Basahin mo ang kuwento ni Lala.



> Ako si Lala. May kapitbahay ako na ang pangalan ay Myla. Kaklase ko rin siya. Pumapasok siya sa paaralan kahit walang baon. Butas na ang kanyang tsinelas at luma na ang kanyang damit. Minsan naglalaro ako ng aking manika nang dumaan si Myla. Ano ang dapat kong gawin? Bakit?"

Tulungang mag-isip si Lala sa kanyang katanungan.



Ang batang nasa bintana ay si Michael. Ito naman ang kuwento niya. Isang araw, mayroong dumating na bisita ang aking ama. Sila ang mag-anak ni Tiyo Rudy, malayo naming kamag-anak na nakatira sa Maynila. Ngunit wala ang aking ama. Ano ang dapat kong gawin?


Papaano mo tutulungan si Michael sa dapat niyang gawin?



Si Joseph ay aking kapitbahay. Tuwing Sabado at Linggo, sumasama siya sa kanyang ama sa pagbobote. Tanging ito lang ang ikinabubuhay ng kanilang mag-anak. Isang araw hindi nagbote ang mag-ama dahil nagkasakit si Mang Dino, ang ama ni Joseph. Nakita kong nakahawak si Joseph sa kanyang tiyan at nakaupo sa labas ng kanilang bahay. Ano ang dapat kong gawin?

Pag-usapan mo at ng iyong kaibigan ang dapat gawin.

Sa tatlong sitwasyon, isulat ang inyong mga kasagutan sa bawat tatsulok.




## Ating Tandaan

Dapat nating ipakita sa ating mga kapitbahay, kamag-anak at kamag-aral ang pagiging magiliw at palakaibigan ng may pagtitiwala. Ipadama nating sila ay ating mahal. Nadarama at nauunawaan natin ang kanilang mga damdamin.



**ISAGAWA NATIN**

Sa mga larawang nasa ibaba, apat dito ang nagpapakita ng pagiging magiliw at palakaibigan sa kanilang mga kapitbahay, kamag-anak, at kamag-aral. Idugtong ang mga bilog sa pagiging magiliw at palakaibigan.





## ISAPUSO NATIN

Bumuo ng 5 pangkat sa inyong klase. Ipakita ng bawat pangkat sa pamamagitan ng **role playing** ang dapat gawin sa mga sitwasyong nasa ibaba.

**Pangkat 1**

Kapitbahay ninyo ang magkapatid na Joan at Pepe. Tuwing hapon lagi silang nakasilip sa inyong bintana dahil nakikipanood sila ng **T.V.** Wala silang kuryente sa kanilang bahay.
Ano ang dapat mong gawin?

**Pangkat 2**

Dumating ang inyong mga kamag-anak na nasalanta ng baha. Wala silang matuluyan dahil naanod na ng baha ang kanilang bahay.
Ano ang dapat mong gawin?

**Pangkat 3**

Bago ninyong kaklase si Lloyd. Galing siya sa isang malayong barangay sa inyong bayan. Lagi siyang nag-iisa dahil wala pa siyang kaibigan.
Ano ang dapat mong gawin?

**Pangkat 4**

May palatuntunan sa inyong paaralan. Nauna kayong dumating kaysa sa mga mag-aaral sa **Kindergarten** kaya kayo ang nasa unahan. Napansin mong nahihirapang makita ng pinakamaliit na bata ang palabas.
Ano ang dapat mong gawin?

**Pangkat 5**

Kayo ay bagong dating sa inyong paaralan. Napansin ninyong may isang batang naka-**wheelchair** ang hindi makaalis dahil napasabit ang gulong nito sa bakod.
Ano ang dapat mong gawin?



**ISABUHAY NATIN**

**Hanap-Kaibigan**

Sino-sino sa mga kamag-aral mo ang iyong kaibigan? Lumapit ka sa kanila at sa isang espasyo ng **Friendly Card** ipasulat mo ang kanyang pangalan at ang iyong katangian bilang kaibigan. Hindi dapat maulit ang pangalan sa mga espasyo. Gawin ito sa papel.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| | | | | |
| | | **Kaibigan Kita** | | |
| | | | | |
| | | | | |



## SUBUKIN NATIN

Iguhit ang masayang mukha ()sa papel kung nagpapakita ito ng pagiging magiliw at palakaibigan sa kapitbahay, kamag-anak, at kamag-aral; malungkot na mukha ()naman kung hindi.

1. Kung dumarating ang aking mga pinsan magiliw ko silang tinatanggap sa aming tahanan.
2. Ang mga kalaro ko na may malinis lang na paa ang pinapapasok ko sa aming bahay.
3. Hindi ko tutulungan ang isang bata na nadapa dahil baka ako ang mapagbintangan.
4. Tinutulungan ko ang aking kaklase kung nahihirapan siya sa mga gawaing pampaaralan.
5. Gumagamit ako ng "po at opo" sa pakikipag-usap sa mga matatanda naming kapitbahay.



## GINTONG ARAL

Ang pagkamagiliw sa kapwa
ay mabuting ugali at kahanga-hanga.




# Kaibigang Hindi Kakilala

Sa nakaraang aralin, natutunan mo ang tamang pakikitungo sa ating mga kapitbahay, kamag-anak at kamag-aral.

Paano mo naman pakikitunguhan ang hindi mo kakilala?




Suriin mo ang iyong sarili. Gaano mo kadalas ginagawa ang sumusunod. Lagyan ng tsek ang kolum ng iyong sagot.

| Gawain | Palagi | Paminsan-minsan | Hindi |
|---|---|---|---|
| 1. Pinapapasok ko sa bahay ang aming mga bisita. | | | |
| 2. Nakangiti ako kung mayroong bisita sa amin. | | | |
| 3. Kinakausap ko ang aming mga bisita. | | | |

| Gawain | Palagi | Paminsan-minsan | Hindi |
|---|---|---|---|
| 4. Nakikipag-usap ako sa aking bagong kakilala. | | | |
| 5. Sumasagot ako ng maayos kung may nagtatanong sa akin na taga ibang lugar. | | | |

Tingnan mo ang iyong mga kasagutan. Lahat ba ito ay palagi mong ginagawa?

Kung hindi, ano ang iyong dahilan? Maaari mo bang ipaliwanag?

Bukod sa ating mga kakilala na nakakasalamuha sa araw-araw, mayroon ding ibang tao na hindi natin kakilala ang makakasama at makikita natin sa ating paligid.

**ISAISIP NATIN**

Basahin ang kuwento.

## "**Si Andoy, ang Palakaibigan**"

ni M.C. M. Caraan

Araw ng Sabado, maagang nagising si Andoy. Ito ang araw na pinakahihintay niya dahil makakapaglaro siya ng matagal.



Matapos niyang mag-almusal at maligo, lumabas na siya ng bahay at nakipaglaro sa kanyang mga kaibigan.





Maya-maya, may mag-inang lumapit sa kanya.

Ipinakilala kay Andoy si Gab. Si Gab ay anak ng kaibigan ng nanay ni Andoy. Matatagalan pa ang pag-uusap ng kanilang mga ina kaya

niyaya ni Andoy na maglaro si Gab. Ipinakilala rin niya si Gab sa kanyang mga kaibigan.




Habang sila ay naglalaro, may isang malaking mama na lumapit sa kanila. Nagsalita ang mama na may malakas at malaking boses. Napatigil sila sa kanilang paglalaro. Ganito ang naging usapan.



## *Pag-usapan natin*

1. Sino-sino ang nakasalamuha ni Andoy ng araw na iyon?
2. Paano niya pinakitunguhan ang panauhin? ang bago niyang kakilala? ang mama na hindi niya kilala?
3. Anong ugali ang ipinakita ni Andoy?
4. Magbigay ka ng iyong saloobin.

Bata pa man tayo, hindi natin maiiwasan na makasalamuha ang iba't ibang uri ng tao.



Minsan may mga panauhin na dumarating sa atin.





Mayroon tayong bagong nakikilala.

Meron din naman tayong nakakatagpo at nakakasalamuha na taga ibang lugar.



Paano natin sila pakikitunguhan?

Bilang isang mabuting bata, dapat nating ipakita at pakitunguhan ang lahat ng may pagkagiliw. Ipakita nating tayo ay palakaibigan at tayo ay may tiwala sa kanila. Subalit hindi rin natin ipagwawalang-bahala ang pag-iingat.


## Ating Tandaan

Kakilala o hindi, kaibigan o panauhin ay dapat nating pakitunguhan ng pagiging magiliw. Kaibiganin natin sila ng may pagtitiwala at pag-iingat.





## ISAGAWA NATIN

Sa mga larawan sa ibaba, alin ang nagpapakita ng pagiging magiliw at palakaibigan? Isulat ang letra ng larawan sa inyong kuwaderno.


A.



B.


C.


D.


E.


F.


G.


H.


I.




## ISAPUSO NATIN

Nakatagpo ka na ba ng mga panauhin/bisita, bagong kakilala o mga taga-ibang lugar?

Paano mo sila pinakitunguhan?

Gumawa ng isang diyalogo.



## ISABUHAY NATIN

Sagutan ang sumusunod sa inyong kuwaderno.

Paano kung …

1. Umalis sandali ang ate mo. Dumating ang bisita niya na kanina pa hinihintay. Ikaw lang ang naiwan sa bahay. Ano ang dapat mong gawin?

2. May matandang babae na naglalakad sa gitna ng kalsada. Bigla itong nahilo at nabuwal. Walang katao-tao sa lugar kung hindi ikaw. Ano ang dapat mong gawin?

3. Bagong lipat ang kapitbahay mong si Tin-tin. Nakita niyang ikaw ay nagsasayaw. Tumigil siya sa inyong bahay at pinapanood ka habang nagsasayaw. Paano mo ipakikita ang pagiging magiliw at palakaibigan?



## SUBUKIN NATIN

Isulat ang tsek (✔) kung tama ang pag-uugali na ikinikilos sa bawat pangungusap at ekis (✘) naman kung hindi.  Sagutan ito sa inyong papel.

1. Magiliw kong kinakausap ang aming mga panauhin.
2. Kung may bago akong kakilala, iniiwan ko siya sa isang tabi.
3. Kung may bagong tao sa aming lugar, magiliw akong nakikipag-usap sa kanya na may pag-iingat.
4. Tumatago ako sa likod ni nanay kapag mayroon siyang kausap na di ko kakilala.
5. Pinatutuloy ko sa aming bahay ang aming mga bisita.



## GINTONG ARAL

Pagiging magiliw at mapagtiwala
gawin ng may pag-iingat sa bagong kakilala




# Tingnan mo Kaibigan

Bawat tao ay may iba't ibang kalagayan sa buhay. Paano mo sila pakikitunguhan?


Matututuhan mo sa araling ito kung paano mo mailalagay ang sarili sa kalagayan ng iyong kapwa.



## ALAMIN NATIN

Tingnan ang mga larawan.

Kung ikaw ang nasa kalagayan ng nasa larawan ano ang mararamdaman mo?



Ano-ano ang masasabi mo sa larawan. May pagkakaiba ba sila sa iyo? Ano ang iyong mararamdaman kung ikaw ang bata na nasa larawan?




## ISAISIP NATIN

Basahin ang kuwento.

### **"Ang Batang Magiliw"**


ni M.C. M. Caraan

Isang magiliw at masayahing bata si Carlo. Pagkagising pa lang niya sa umaga ay magiliw na niyang binabati ang kanyang pamilya pati na rin ang kanyang mga kapitbahay.






Minsan, habang siya ay naglalaro may dumaan na isang Ita. Nagtakbuhan ang kanyang mga kalaro papalapit dito at tinuksong pangit at galing sa bundok. Nilapitan sila ni Carlo at pinagsabihan.



Dumating naman ang kaibigan ni Carlo na si Lito, isang batang pilay. Agad inalalayan ni Lito ang kanyang kaibigan at inalok na sumali sa kanilang laro.



May pagkakataon din na binibigyan niya ng pagkain ang kapitbahay nila. Naaawa kasi siya rito dahil nakikita niyang wala itong makain.

## Pag-usapan natin

1. Anong ugali ang ipinakita ni Carlo sa kuwento?
2. Sa paanong paraan niya ipinakita ang pagiging magiliw niya sa iba? Ipaliwanag.
3. Tama ba ang ginawa ni Carlo?
4. Paano mo pinakikitunguhan ang ibang tao tulad ng nabanggit sa kuwento?

## Ating Tandaan


Maipadadama natin ang ating pagmamahal sa kapwa kung mauunawaan natin ang kanilang damdamin. Dapat nating ilagay ang ating sarili sa kalagayan ng ating kapwa at igalang ang kanilang nararamdaman.



## ISAGAWA NATIN

Bumuo ng isang pangkat. Pag-usapan ang mga sitwasyon na nasa ibaba. Ipakita o sabihin sa klase ang inyong napag-usapan.

1.



Ano ang dapat mong gawin? Bakit?

2.




Ano ang dapat mong gawin? Bakit?

3. 

Ano ang dapat mong gawin? Bakit?

4. 

Ano ang dapat mong gawin? Bakit?

5. 

Ano ang dapat mong gawin? Bakit?


## ISAPUSO NATIN

Gumawa ng isang salitaan kung paano mo pakikitunguhan ang sumusunod. Pumili ng isa. Isulat ito sa sagutang papel.

A. Batang katutubo na pumapasok sa inyong paaralan
B. Kaklase mo na may kapansanan

## ISABUHAY NATIN

Tingnan ang larawan.



Umisip ng isa o dalawang paraan kung paano mo pakikitunguhan ang batang nangangailangan ng tulong.



## SUBUKIN NATIN

Gumuhit sa inyong papel ng  kung ang isinasaad ng pag-uugali ay dapat gawin;  naman kung hindi.

1. Ibinabahagi ko ang baon kong tinapay sa aking kaklaseng walang baon.
2. Hindi ko tinatawanan ang kapitbahay naming bata na kalbo.
3. Hindi ako nakikipaglaro sa mga batang madudungis.
4. Kinakausap ko nang maayos ang sinumang katutubo na nasa paaralan.
5. Iniiwasan ko ang mga batang may iba't ibang kapansanan.



## GINTONG ARAL

Tulungan natin ang ating kapwa
Sapagka't tayo ay higit na pinagpala.




# Sa Salita at Gawa: Ako'y Magalang

Sa araling ito ay matutukoy mo ang kahalagahan ng mga pananalitang nagpapakita ng paggalang sa iyong kapwa, sa paaralan man o sa pamayanang iyong kinabibilangan.



## ALAMIN NATIN

Basahin ang tula.

### "Magalang na Pananalita"

ni R. B. Catapang



Isang pagbati na may
paggalang,
Kay sarap pakinggan sa
batang magalang.
Salitang "po" at "opo" na
ating binibigkas,
Ang siyang lumalabas sa
kanilang mga labi.

"Maraming salamat po",
"walang anuman"

“Ikinalulungkot ko”, ay mapapakinggan.
“Tao po”, “Tuloy po kayo” ay maaasahang,
Mamumutawi sa labi ng batang magalang.

Kaya’t ating turuan ang mga kabataan,
Na maging magalang sa pakikipagtalastasan.
Maging sa kapwa bata o magulang man,
Ito ang katangiang tunay na kinalulugdan.

## Pag-usapan natin


1. Ano-anong magagalang na salita ang nabanggit sa tula?
2. Ano-ano pang magagalang na salita ang alam ninyo na hindi nabanggit sa tula?
3. Ano ang tawag sa batang gumagamit ng ganitong mga salita?
4. Sa iyong palagay, bakit masarap pakinggan ang magagalang na salita?



**ISAISIP NATIN**

## Opo sa Upo

Basahin at suriin ang mga salitang nakasulat sa bawat upo. Piliin ang mga upo na may nakasulat na magagalang na salita. Ilagay ito sa **basket** na nasa ibaba sa pamamagitan ng pagsulat ng letra ng tamang sagot sa inyong kuwaderno.



Bilang isang mag-aaral, paano mo maipapakita ang paggalang sa inyong bahay at paaralan?

## Ating Tandaan

Lahat tayo ay dapat maging magalang sa kilos at pananalita. May mga ginagamit tayong salita upang maipakita ang paggalang sa ating kapwa.




**Gawain 1**

Alin sa mga larawan ang nagpapakita ng paggalang? Isulat ang bilang ng tamang sagot sa inyong kuwaderno.



2.


Ma'am, tulungan na po kita.
Maraming salamat sa iyo.


3.


Buti nga sa'yo.. hahaha!

4.


Magandang hapon po G. Ragas. Tuloy po kayo.
Ano ang maganda sa hapon mo? Nasaan ang magulang mo?

5.


Pwede po kaya makiraan Bb. Rosal?
Oo naman. Sige Daan ka na Rita.

**Gawain 2**

Pagtapatin. Basahin ang mga sitwasyon sa hanay A. Piliin ang katumbas na magagalang na pananalita sa hanay B. Isulat ang letra ng tamang sagot sa inyong kuwaderno.

| A | B |
|---|---|
| 1. Isang umaga, nakasalubong mo ang iyong guro | A. "Paalam na po, mahal naming guro." |
| 2. Kinumusta ka ng kaibigan ng iyong nanay minsang magkita kayo sa daan. | B. "Magandang umaga po." |
| 3. Tapos na ang inyong klase at lalabas na ng silid-aralan ang guro. | C. "Mabuti po naman." |
| 4. Paalis na ang iyong tatay patungo sa opisina. | D. "Magandang tanghali po." |
| 5. Isang tanghali, nakita mo si Ginang Luna, ang nanay ng iyong kaklase | E. "Mag-iingat po kayo." |
| | F. "Maraming salamat po." |



## ISAPUSO NATIN

Gumawa ng tseklist sa inyong kuwaderno katulad ng nasa ibaba.

Lagyan ng puso (♡) ang kolum na nagsasabi kung gaano mo kadalas ginagamit ang magagalang na salita sa iyong kapwa.

| Mga Ginagawa Ko | Madalas (3) | Paminsan-minsan (2) | Hindi (1) |
|---|---|---|---|
| 1. Bumabati ako ng "magandang umaga, tanghali o hapon sa aking mga guro at kaklase. | | | |
| 2. Sinasabi ko ang "paumanhin" kapag ako ay may pagkakamaling nagawa sa aking kapwa. | | | |
| 3. Gumagamit ako ng salitang "po" at "opo" kapag ako ay nakikipagusap sa mga nakatatanda sa akin. | | | |

| Mga Ginagawa Ko | Madalas (3) | Paminsan-minsan (2) | Hindi (1) |
|---|---|---|---|
| 4. Bago ako pumasok sa ibang bahay ako ay kumakatok muna sa pintuan at sinasabi ko ang salitang "tao po". | | | |
| 5. Kapag may dumating na bisita sa aming bahay ay sinasabi ko ang salitang "tuloy po kayo". | | | |



## ISABUHAY NATIN

Gumupit ng isang larawan mula sa lumang magasin na nagpapakita ng paggalang. Idikit ito sa kuwaderno at isulat ang magagalang na salita na maaaring sinasabi dito.




Isulat sa sagutang papel kung **Tama** o **Mali** ang mga pag-uugali na sinasabi sa bawat pangungusap.

1. Ang “po” at “opo” ay ginagamit ko sa pakikipag-usap sa mga nakatatanda sa akin.

2. Ako ay batang magalang kaya pasigaw akong makipag-usap sa aming tahanan.

3. Tinatanggap ko ang paumanhin ng aking kaklase kapag nasira niya ang laruan ko.

4. Madalas kong sinasabi ang “maraming salamat” sa mga taong nagbigay ng tulong o anumang bagay sa akin.

5. Sinasabi ko ang salitang “paalam” sa aking mga magulang bago ako umalis ng bahay.




| |
|---|
| Ang batang magalang ay kinalulugdan,<br>Sa salita at gawa ay kapita-pitagan! |




# Kapwa ko, Igagalang ko!

Sa araling ito ay matutukoy mo ang mga nararapat mong gawin at sabihin na nagpapakita ng paggalang sa iyong kapwa sa paaralan at pamayanan.




Basahin ang kuwento.


## Ang Batang Magalang

Ni R.B. Catapang

Bagong lipat ang mag-anak ni Mang Tino sa Lungsod ng Lucena. Ang kanyang bunsong anak na si Dino na nasa Ikalawang Baitang pa lamang ay doon na mag-aaral. Sinamahan niya ang kanyang anak sa Paaralang Elementarya ng San Pedro upang ipalista.



Likas na magalang si Dino. Pagpasok nila sa **gate** ng paaralan, nagbigay galang siya sa guwardya. "Magandang umaga po. Saan po kaya ang tanggapan ng punong guro?"



Habang kausap ni Mang Tino ang guwardya ay nakita niya ang **fountain** ng paaralan. Lubhang humanga siya kaya't patakbo siyang pumunta doon. Hindi niya napansin ang isang batang naglalakad at ito ay nabunggo niya. Agad niyang tinulungan ito at sinabing **sorry**, hindi ko sinasadya".

"Walang anuman" ang tugon naman ng bata.



Nakita nya ang isang guro na malapit sa **fountain**. "Magandang umaga po **Ma'am**, sino po ba ang guro sa Ikalawang Baitang?" ang tanong ni Dino. "Ako si Bb. Ara Noleda, ang guro sa Ikalawang Baitang".

“Ako naman po si Dino, bagong mag-aaral sa paaralang ito”, ang sabi naman niya.

Lumapit si Mang Tino sa anak “Mawalang galang na po **Ma’am**” sabi ng ama sa guro. “Kailangan lang po namin ng anak ko na pumunta na sa Tanggapan ng Punongguro pahabol pa niya. “Maraming salamat po”, ang sabi naman ni Dino sa guro.


Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Saan pumunta ang mag-amang Tino at Dino? Bakit sila naroroon?
2. Ano ang nakatawag pansin kay Dino sa pagpasok nila sa loob ng paaralan?
3. Ano-anong magagalang na salita ang nabanggit sa kuwento?
4. Sa inyong palagay, dapat bang ipakita ang paggalang sa kapwa bata at pamunuan ng paaralan?

## ISAISIP NATIN

Ating balikan ang kuwento ng mag-amang Mang Tino at Dino. Sino-sino ang nakausap nila sa paaralan? Iguhit sila sa kahon. Ano ang sinabi nila rito? Isulat ito sa ulap. Gawin ito sa inyong kuwaderno.

<u>Ang mga nag-uusap</u> <u>Ang mga sinabi</u>



## Pag-usapan natin

1. Sino-sino ang bumubuo ng pamunuan ng paaralan?
2. Paano ipinakikita ng mga bata ang paggalang sa pamunuan ng paaralan?
3. Bilang isang mag-aaral, bakit kinakailangan mong ipakita ang paggalang sa pamunuan ng paaralan?
4. Magbigay ng ilan pang mga halimbawa ng magagalang na pananalita na maaari nating gamitin sa pakikipag-usap sa pamunuan ng iyong paaralan.

## Ating Tandaan

Ang paggamit ng magagalang na katawagan, at mga salita ay tanda ng pagiging magalang. Dapat natin itong gamitin sa paikipag-usap sa mga namamahala ng ating paaralan.



## ISAGAWA NATIN

### Gawain 1

Basahin ang sumusunod na sitwasyon. Piliin ang letra ng nararapat mong gawin upang maipakita ang paggalang sa kapwa. Gawin ito sa inyong kuwaderno.

1. Lunes ng umaga, mayroon kayong palatuntunan na gaganapin sa bulwagan ng inyong paaralan. Gustong-gusto mo sana na ikaw ay makaupo sa sa may bandang unahan ngunit nagkataong mahaba ang pila at ikaw ay nasa may hulihan pa. Ano ang dapat mong gawin?
   A. Tatakbo ako papunta sa may unahan para makaupo sa gusto kong lugar.
   B. Sasabihin ko sa kaibigan ko na nauna sa akin na magreserba ng upuan para sa akin.
   C. Mananatili ako sa aking hanay at hihintayin ko na lang makapasok sa bulwagan.
2. Ang iyong kaklase na si Rino ay bumibigkas ng tula sa inyong palatuntunan. Nagkataong nasa kalagitnaan na ng tula ng bigla niyang nakalimutan ang isang linya. Kung ikaw ay isa

sa mga manonood, ano ang dapat mong gawin?

A. Tatawanan ko si Rino.

B. Tatawagin ko siya para bumaba sa **stage** upang umupo na .

C. Mananatili akong tahimik at mananalangin na sana ay maalaala ang nalimutang linya upang matapos ang pagtula niya.

3. Sa inyong talakayan sa klase ay nais mong sumagot ngunit tinawag na ng guro ang iyong kaklase upang siya ang sumagot, ano ang dapat mong gawin?

   A. Makikinig ako sa sagot ng kaklase ko.
   B. Tatayo rin ako upang isigaw ang sagot.
   C. Itataas ko ang aking kamay kahit may sumasagot na.

4. Ang isa sa mga kaklase mo ay mabagal maglakad dahil siya ay naaksidente at napilay ang kaliwang paa. Ano ang dapat mong gawin?

   A. Gagayahin ko ang kanyang paglalakad.
   B. Sasabihan ko siya na bilisan ang lakad.
   C. Aalalayan ko siya sa kanyang paglalakad.

5. Isang umaga, papasok ka na sa paaralan. Nagkataong nakita mo ang iyong guro na madaming dalang mabibigat na gamit. Ano ang dapat mong gawin?

   A. Babagalan ko ang aking paglalakad para hindi ako makita ng aming guro.
   B. Lalapitan ko siya upang tulungan sa pagdadala ng mabigat na gamit.
   C. Magtatago na lang muna ako.

**Gawain 2**

Pag-aralan ang sumusunod na sitwasyon. Isulat ang dapat mong sabihin upang maipakita ang paggalang sa kapwa. Gawin ito sa inyong kuwaderno.

1. Dadaan ka sa gitna ng dalawang tao na nag-uusap.
2. Bumisita ang punong-guro ng paaralan sa inyong silid aralan.
3. Magpapaalam ka sa iyong guro upang pumunta ka sa palikuran.
4. Humihiram sa iyo ng aklat sa Edukasyon sa Pagpapakatao ang iyong kaklase ngunit hindi mo pala dala ito.
5. Isinasauli mo sa kaklase mo ang hiniram mong krayola pagkatapos mong gamitin.



## ISAPUSO NATIN

Gumawa ng tseklis sa inyong kuwaderno katulad ng nasa ibaba.

Gumuhit ng bituin **(** ☆ **)** sa tamang kolum at kulayan ayon sa sumusunod na pamantayan:

**Pula** - Palagi kong ginagawa
**Dilaw** - Paminsan-minsan kong ginagawa
**Asul** - Hindi ko ginagawa

| | |
|---|---|
| 1. Itinataas ko ang aking kamay kung nais kong sumagot sa talakayan. | |
| 2. Tinatawanan ko ang aking kaklase kapag mali ang sagot niya. | |
| 3. Tinutulungan ko ang aking guro kapag marami siyang dalang gamit. | |
| 4. Pumipila ako ng maayos sa pagbili ng pagkain sa kantina. | |
| 5. Inaalalayan ko sa paglalakad ang kaklase kong may kapansanan. | |
| 6. Nakikipagtulakan ako sa pagpasok sa **gate** ng aming paaralan. | |
| 7. Ginagaya ko ang pagsasalita ng kaklase kong may kapansanan sa pagsasalita. | |
| 8. Pasigaw akong sumagot sa talakayan sa klase. | |
| 9. Sinasabi ko ang salitang "maraming salamat" sa aking mga magulang, kapatid, guro at kaklase sa kabutihang ipinakita nila sa akin. | |
| 10. Humihingi ako ng paumanhin kapag nakasakit ako ng aking kapwa. | |



## ISABUHAY NATIN

Paano mo ipapakita ang paggalang sa iyong mga kamag-aral o pamunuan ng paaralan? Iguhit ito sa inyong kuwaderno.



## SUBUKIN NATIN

Basahin ang sumusunod na pag-uugali na isinasaad ng bawat pangungusap.

Isulat sa papel ang tsek (✓) kung ito ay nagpapakita ng paggalang at ekis (✖) naman kung hindi.

1. Inaaway ko ang aking katabi sa upuan kapag hindi nakatingin ang aming guro.
2. Binabati ko ng "Magandang Umaga" ang punong-guro ng aming paaralan sa tuwing siya ay makakasalubong ko.
3. Tinatawag ko sa palayaw ang guro namin kapag nasa labas siya ng paaralan.
4. Humihingi ako ng paumahin sa guwardya ng aming paaralan kapag ako ay nagkamali.
5. Inihahagis ko sa tindera ang aking bayad sa biniling pagkain sa kantina.



## GINTONG ARAL

Ang pagkamagalang sa kapwa, ay kinalulugdan ng Poong Lumikha!




# Kapwa ko, Mahal

.










Ano-ano ang nakikita mo sa larawan?
Ginagawa mo ba ang mga ito?
Ano ang nararamdaman mo tuwing nakagagawa ka ng mabuti sa iyong kapwa?
Magbigay ng iyong kuro-kuro.



## ISAISIP NATIN

Sandaling ipikit ang iyong mga mata. Alalahanin mo ang mabubuting gawa na ipinakita mo sa iyong kapwa. Isulat ito sa sagutang papel.

Sa loob ng 3 minuto, papirmahan sa iyong kaklase na pinakitaan mo ng mabuting gawa. Iulat ito sa klase.

Isulat sa kuwaderno ang **Tama** kung ang pangungusap ay nagpapakita ng mabuting gawa sa kapwa at **Mali** naman kung hindi.

1. Iniiwasan kong magsalita ng masama sa iba. Gumagawa ako ng tahimik upang hindi makaabala sa iba.
2. Hindi ko bibigyan ng pagkain ang kaklase kong walang baon.
3. Iniiwasan ko ang pagsigaw sa aming kasambahay o katulong.
4. Pinagtatawanan ko ang may kapansanan.


## Ating Tandaan

Ang paggawa ng mabuti sa kapwa,
May natatamong pagpapala.

## ISAGAWA NATIN

### Gawain 1

Alin sa mga larawan ang nagpapakita ng pagmamahal sa kapwa? Isulat ang bilang ng tamang sagot sa kuwaderno.



**Gawain 2**

Gumawa ng tseklis sa inyong kuwaderno katulad ng nasa ibaba.

Lagyan ng tsek (✓) ang kolum na nagsasabi kung gaano mo kadalas ginagawa ang sumusunod sa iyong kapwa.

| Gawain | Palagi | Paminsan-minsan | Hindi |
|---|---|---|---|
| 1. Nagpapakita ako ng paggalang sa kapwa. | | | |
| 2. Tumutulong ako sa mga matatanda kung maraming dala. | | | |
| 3. Sumusunod ako sa utos ng aking mga magulang. | | | |
| 4. Binibigyan ko ng pagkain ang ibang bata. | | | |
| 5. Ipinagdarasal ko ang aking mga mahal sa buhay. | | | |

________________________

Lagda ng Magulang

## ISAPUSO NATIN

Tingnan ang larawan.



Kung ikaw ang bata sa larawan, ano ang iyong mararamdaman kapag pinagtatawanan ka? Bakit?

Isulat ang sagot sa loob ng puso?

Kung nakita mo naman ang pangyayari, ano ang dapat mong gawin? Bakit?


Isulat ang sagot sa loob ng puso?

## ISABUHAY NATIN


Nakita mong inaagawan ng laruan ang kaibigan mo ng isang bata. Paano mo siya tutulungan?

Piliin ang iyong kasagutan sa mga larawan sa ibaba. Ipaliwanag kung bakit ito ang iyong pinili.


1.



2.



3.






Iguhit ang masayang mukha () kung ginagawa mo ang sinasabi sa pangungusap at malungkot na mukha () kung hindi. Isulat sa sagutang papel.

1. Tinutulungan ko ang kaklase kong may kapansanan.
2. Sinisigawan ko ang aming katulong o kasambahay.
3. Pinagtatawanan ko ang mga batang lansangan.
4. Binibigyan ko ng baon ang kaklase kong walang baon.
5. Nakikipagtulakan ako sa pagpila kung oras ng reses.




| |
|---|
| Ang pagmamahal sa kapwa ay isang gawaing dakila. |




# Ako ay Batang Matulungin


Sa araling ito, masasabi mo na mahalaga ang paggawa ng mabuti sa kapwa.





## ALAMIN NATIN

Pag-aralan ang mga larawan.









Gaano mo kadalas ginagawa ang mga ito? Gawin ang tseklis na nasa ibaba sa inyong kuwaderno. Lagyan ng tsek ang kolum ng inyong sagot.

| **Gawain** | **Palagi** | **Paminsan minsan** | **Hindi** |
|---|---|---|---|
| 1. Tumutulong ako sa paglilinis ng aming paaralan. | | | |
| 2. Nagdidilig ako ng mga halaman. | | | |
| 3. Tumutulong ako sa pagwawalis ng bakuran. | | | |
| 4. Hindi ko tinatapos ang mga gawaing ibinigay sa akin. | | | |
| 5. Naglalaro muna ako bago tumulong sa mga gawaing bahay. | | | |



**ISAISIP NATIN**

Balikan mo ang iyong mga sagot sa nakaraang gawain. Ilan ang palagian mong ginagawa? Ilan naman ang paminsan-minsan at hindi?

Ano ang iyong nadarama kapag nagagawa mo ito? May mga paraang maari mong gawin upang maipakita mo ang iyong pagtulong.





## Ating Tandaan

Ang tumutulong sa kapwa ay pinagpapala.
Ang pagtulong sa kapwa ay tanda ng mabuting gawa.

**ISAGAWA NATIN**

Isulat sa inyong kuwaderno ang bilang ng mga larawang nagpapakita ng pagiging matulungin sa kapwa.






## ISAPUSO NATIN

Ano ang iyong nadarama kapag nakakagawa ka nang mabuti sa iyong kapwa?

## ISABUHAY NATIN

1. Bumuo ng pangkat na mayroong 4-5 bata. Ang bawat pangkat ay magpapakita ng pagsasadula ng mga gawain ng pagtulong sa kapwa.
2. Talakayin at pag-usapan ang ipinakita ng bawat pangkat.



## SUBUKIN NATIN

Iguhit ang **masayang mukha (☺)** kung nagsasaad ng pagiging matulungin at malungkot na mukha **(☹)** kung hindi. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

1. Si Mario ay tumutulong sa paghuhugas ng pinggan pagdating niya mula sa paaralan.

2. Nililinis nina Ben at Ana ang kanilang silid-aralan.

3. Nagtatago si Aya sa loob ng silid-aralan habang naglilinis ang kanyang mga kaklase sa labas.

4. Tinulungan ni Mark ang matanda sa pagtawid.

5. Ipinagdala ni Isabel ng mga gamit ang kanyang guro.




## GINTONG ARAL

| |
|---|
| Ang batang matulungin saan man makarating ay pagpapalain. |




# Malasakit mo, Natutukoy at Nararamdaman ko!

Sa araling ito ay higit mong mararamdaman ang pagmamahal sa kapwa. Ang isang batang tulad mo ay may kakayahang makatulong sa mga kasapi ng paaralan at pamayanan.




## ALAMIN NATIN

Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Sabihin kung alin sa mga ito ang tamang gawin ng isang batang tulad mo. Isulat ang letra ng tamang sagot sa inyong kuwaderno.

A.



B.




C.



D.



E.



Ano ang ipinakikita sa mga larawan?

Alin sa mga ito ang nagpapakita ng pagmamalasakit sa mga kasapi ng paaralan?

Alin naman ang nagpapakita ng pagmamalasakit sa kasapi ng pamayanan?



ISAISIP NATIN

Basahin ang kuwento.


## Matulungin si Kaloy

ni I. M. Gonzales

Lunes ng umaga, nagmamadaling pumasok si Kaloy sa paaralan. Sa kanyang paglalakad ay may nakasabay siyang isang matandang babae na tila may hinahanap. "Ano po ang hinahanap ninyo, lola?", tanong ni Kaloy. "Hinahanap ko ang kalye Magallanes, maari mo ba itong ituro sa akin?"ang tugon ng matanda. "Opo, doon po sa pangalawang kanto", sabay turo ni Kaloy sa direksyon ng kalye. Nagpasalamat ang babae.



Malapit na siya sa paaralan nang mapansin nya ang kaklase niyang si Pol na isang pilay. "Magandang umaga, Pol. Tutulungan na kitang magdala ng iyong mga aklat." "Salamat, Kaloy. Mabigat nga ang mga ito."ang tugon ni Pol.



Tamang-tama ang dating nila sapagkat nagsisimula nang pumila ang mga bata para sa pagtataas ng watawat. Nakita ni Kaloy ang kanilang



guro na si G. Santos na maraming dalang kagamitan "Tutulungan ko na po kayong magdala ng iba mong gamit, Sir," wika ni Kaloy. "Naku salamat Kaloy, talagang matulungin ka sa iyong kapwa. Ipagpatuloy mo ang iyong magandang katangian." ang sabi ng guro.

## Pag-usapan natin

1. Kanino nagpakita ng pagmamalasakit si Kaloy?
2. Tama ba ang kanyang ginawa?
3. Kaya mo rin bang gawin ang ginawa ni Kaloy?
4. Bakit kailangan mong magmalasakit sa iyong mga kamag-aral?

**Gawain 1**

Sipiin sa inyong kuwaderno ang tsart sa ibaba at sabihin kung alin sa mga ito ang nagawa mo na. Lagyan ng dalawang tsek **(✓✓)** kung lagi mong ginagawa, isang tsek **(✓)** kung minsan mo lang ginagawa, at ekis (✗) kung hindi mo pa ginagawa.

| | **Palagi** | **Pa-minsan minsan** | **Hindi** |
|---|---|---|---|
| 1. Tinutulungan ko ang aming dyanitor sa paglilinis ng paaralan. | | | |
| 2. Tinutulungan ko ang aking guro sa pagdadala ng mga gamit nya. | | | |
| 3. Nagpapahiram ako ng lapis sa aking mga kamag-aral na wala nito. | | | |
| 4. Tumutulong ako sa mga biktima ng kalamidad. | | | |
| 5. Ipinagdarasal ko ang mga taong may sakit. | | | |

## Ating Tandaan

Maipakikita natin ang pagmamalasakit sa mga kasapi ng paaralan at pamayanan sa pamamagitan ng ating mga kilos at gawain.




Pangkatin sa apat ang inyong klase at maghanda ng pangkatang gawain sa loob ng 15 minuto. Ipakita sa klase ang inyong inihanda sa loob ng 3 minuto.

**Pangkat 1**

Magsadula ng isang eksena na nagpapakita ng pagmamalasakit sa isang bulag.

**Pangkat 2**

Iguhit sa loob ng isang kahon ang mga bagay na nais ninyong ibigay sa mga biktima ng baha.

**Pangkat 3**

Lumikha ng isang tugma na may apat na linya na tumutukoy sa pagmamalasakit sa mga kamag-aral.

**Pangkat 4**


Magbigay ng tatlong kilala ninyong tao na nagpakita ng pagmamalasakit sa kapwa. Sabihin kung paano niya ito ginawa.




## ISAPUSO NATIN

Iguhit ang tatlong puso sa iyong kuwaderno. Isulat ang sagot sa sumusunod na tanong.


1. Ano ang iyong nararamdaman tuwing nagpapakita ka ng pagmamalasakit sa iyong mga kamag-aral?



2. Ano ang iyong mararamdaman kapag may nakikita kang batang pinagtatawanan? Bakit?




3. Kung ikaw naman ang makakatanggap ng pagmamalasakit mula sa iyong kamag-aral, ano ang mararamdaman mo?





## ISABUHAY NATIN

Naligaw si Lola Tinay. Tulungan natin siyang makabalik sa kanyang bahay sa kalye Magallanes. Sundan ang tamang daan sa **maze** o liko-likong daan at kulayan ng dilaw na krayola patungo sa kalye Magallanes.



**Gawain 2**


Dugtungan ang mga pangungusap na tumutukoy sa iyong pagmamalasakit sa mga kasapi ng paaralan at pamayanan. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.



1. Nadapa ang kamag-aral kong si Red kaya nilapitan ko siya upang ____________ .



2. Nahihirapang tumawid ang isang lolo sa kalsada kaya ____________.



3. Darating na ang trak, nahihirapang magdala ng maraming sako ng basura ang dyanitor ng paaralan kaya ___________.



## SUBUKIN NATIN

Sa inyong sagutang papel, iguhit ang masayang mukha ☺ kung ang pangungusap ay nagpapakita nang pagmamalasakit sa kapwa at malungkot na mukha ☹ kung hindi.

1. Si Carlo ay nagbibigay ng donasyon sa biktima ng kalamida.
2. Pepay ay tumutulong sa barangay sa pamamahagi ng **relief goods**.
3. Si Red ay nakikipag-away sa kanyang kamag-aral.
4. Dinidikitan ni Pol ng **bubble gum** ang bag ng kanyang katabi.
5. Pinagtatawanan ni Obet ang hindi makatawid na lolo.



## GINTONG ARAL

| |
|---|
| Mga kasapi ng paaralan at pamayanan, ating mahalin at pagmalasakitan. |




# Pagmamahal ko, Pinapakita at Ginagawa ko!

Sa araling ito ay tatalakayin ang kahalagahan ng pagmamalasakit sa kapwa.



**ALAMIN NATIN**


## Halika, Kaibigan

ni I.M. Gonzales

Nagmamadali ang magkaibigang Kaloy at Pam sa pagpasok sa paaralan nang may makasabay silang isang pilay na bata.

"Kaloy, tingnan mo ang batang iyon. Papilay-pilay lumakad, nakakatawa," puna ni Pam. "Akala mo tuloy hindi pantay ang daan."

"Halika, Pam. Tulungan natin sa pagtawid," ang wika ni Kaloy.



"Pero Kaloy, mahuhuli na tayo!" tutol ni Pam.
"Hindi bale, nakatulong naman tayo. Tingnan mo nga at hirap na hirap sa pagtawid ang bata," katuwiran ni Kaloy.

"Ay ayoko, ikaw na lang. Ayokong mahuli sa klase natin," wika ni Pam.

Nagpasya naman si Kaloy na tulungan ang batang may kapansanan.

"Totoy! Totoy! Saan ka pupunta?" tanong ni Kaloy.

"Sa kabilang kanto," ang tugon ng bata. "Uuwi na ako."

"Halika, tutulungan na kitang tumawid. Mapanganib dito dahil maraming sasakyan," ang wika ni Kaloy.

"Maraming salamat sa iyo. Nahihirapan nga akong tumawid dahil pilay ako," ang wika ng bata.

Inakay ni Kaloy ang bata sa pagtawid.

## Pag-usapan natin

1. Sino ang nagmalasakit sa batang may kapansanan?
2. Paano niya ipinakita ang pagmamalasakit?
3. Dapat bang ipagmalaki ang ginawa ni Kaloy? Bakit?
4. Ano naman ang ginawa ni Pam?
5. Dapat bang tularan si Pam? Bakit?
6. Kaya mo din bang gawin ang ginawa ni Kaloy?
7. Dapat bang pagmalasakitan ang batang may kapansanan?




**ISAISIP NATIN**

Kaya mo bang magmalasakit sa mga kasapi ng paaralan at pamayanan? Sabihin ng pasalita kung alin sa sumusunod na larawan ang kaya mong gawin.

A.



B.



C.




D.



E.



1. Nagmamalasakit ka ba sa mga kasapi ng paaralan at pamayanan?
2. Paano mo ito ginagawa?
3. Bakit kailangan mong magmalasakit sa kanila?

## Ating Tandaan

Dapat tayong magpakita ng pagmamalasakit sa mga kasapi ng paaralan at pamayanan sa lahat ng pagkakataon. Ito'y maipakikita natin sa pagtulong sa kanila sa oras ng pangangailangan.

## ISAGAWA NATIN

### Gawain 1

Humanap ng mga larawan na nagpapakita ng pagmamalasakit sa kapwa. Ipaliwanag sa klase kung paano naipakita ang pagmamalasakit.

### Gawain 2

**Magpasya ka!**

Pagmasdan ang mga larawan. Basahin ang sumusunod na sitwasyon at sabihin kung ano ang iyong gagawin.




**A.** Magkakaroon ng libreng gamutan sa inyong barangay. Darating ang mga pampublikong doktor at narses.

Paano ka makatutulong sa iyong mga kabarangay?

Magbigay ng mga paraan kung paano mo ito gagawin.

_______________________________________________




**B.** Manonood ka ng palatuntunan sa paaralan. Magsisimula na ang palabas kaya't nagmamadali ka. Nakita mong nasagi ng ibang mag-aaral si Pol. Nakasaklay ito dahil sa kanyang kapansanan. Paano mo maipakikita ang pagmamalasakit kay Pol?




**ISAPUSO NATIN**

Isipin mo na ikaw ang may-ari ng mga nasa larawan. Sa isang bond paper, iguhit at ipaliwanag kung alin sa mga ito ang iyong ibibigay bilang donasyon sa biktima ng kalamidad?


A




B




C



D



E





## ISABUHAY NATIN

Gumawa ng tsart sa iyong kuwaderno tulad ng nasa ibaba. Lagyan ng tsek **(✓)** kung ang sinasabi ng pangungusap ay nagawa mo na at ekis **(✗)** kung hindi pa.

| **Mga Sitwasyon** | **Nagawa na** | **Hindi pa** |
|---|---|---|
| 1. Nagpahiram ako ng lapis sa kaklase ko. | | |
| 2. Hinatian ko ng baon ang batang nagugutom. | | |
| 3. Isinukob ko sa payong ang kaklase ko upang hindi mabasa ng ulan. | | |
| 4. Tumulong akong mamahagi ng mga pagkain sa mga taong nasunugan. | | |
| 5. Umalalay ako sa may kapansanan. | | |



**SUBUKIN NATIN**

Basahin ang sumusunod na sitwasyon. Isulat sa iyong sagutang papel ang letra ng iyong sagot.

1. Hindi pumasok ang aking kamag-aral sapagkat may sakit.
   A. Dadalawin ko siya.
   B. Hindi ko siya pupuntahan dahil wala akong dadalhin.

2. Nakita kong napapagod ang aking guro at marami pa siyang ginagawa.
   A. Mag-iingay ako.
   B. Susundin ko ang mga ipinagagawa nya.

3. Nasunugan ng bahay ang isa kong kaklase.
   A. Pagtatawanan ko sya.
   B. Bibigyan ko siya ng damit.

4. Marumi ang bakuran ng aming paaralan.
   A. Dito ko itatapon ang aming basura.
   B. Tutulungan kong maglinis ang dyanitor.


5. Nagsusupot ng **relief goods** ang barangay para sa mga nabahaan.
   A. Tutulong ako sa pamamahagi.
   B. Matutulog ako sa aking kama.



**GINTONG ARAL**

| |
|---|
| Malasakit sa kamag-aral.<br>Bahagi ng ating pag-aaral. |

# Pagmamahal sa Bansa at Pakikibahagi sa Pandaigdigang Pagkakaisa



## YUNIT 3





# Karapatan mo, Karapatan ko

Lahat tayo ay may mga karapatang dapat tamasahin. Sa araling ito, matutukoy mo kung anong mga karapatan ang maaaring ibigay sa atin.




Basahin o awitin ang nasa ibabang awit.



**Bawat Bata**
(Apo Hiking Society)

Ang bawa't bata sa ating mundo
Ay may pangalan, may karapatan
Tumatanda ngunit bata pa rin

Ang bawa't tao sa ating mundo

Hayaan mong maglaro ang bata sa araw
Kapag umuulan nama'y magtatampisaw
Mahirap man o may kaya
Maputi, kayumanggi
At kahit ano mang uri ka pa
Sa 'yo ang mundo pag bata ka

Ang bawat nilikha sa mundo'y
Minamahal ng Panginoon
Ang bawat bata'y may pangalan
May karapatan sa ating mundo
Hayaan mong bigyan na lang ng pagmamahal
Katulad ng sinadya ng maykapal
Mahirap man o may kaya
Maputi, kayumanggi
At kahit ano mang uri ka pa
Sa 'yo ang mundo pag bata ka

Nagustuhan mo ba ang awit?

Ano-ano ang karapatan ng bata ayon sa awit?

Ano-ano ang dapat matanggap at maranasan ng mga bata?

Sino ang magbibigay sa mga bata ng kanilang karapatan? Bakit?



## ISAISIP NATIN


Basahin ang kuwento.

### Karapatan ni Moy

ni M.C.M. Caraan



Siya si Moy. Nasa Ikalawang Baitang na sana siya ngayon. Kaya lang hindi siya pinapasok ng kanyang mga magulang sa paaralan dahil wala raw silang pera na isusuporta sa mga kailangan ni Moy sa paaralan.



Araw-araw ay makikita si Moy sa kalye. May dala siyang kariton at pumupunta sa bahay-bahay upang humingi ng bote, plastik at papel.

Napadaan siya minsan sa isang lugar na may mga bata na masayang naglalaro. Gustong-gustong makipaglaro ni Moy kaya lang naisip niya na kailangang marami siyang makuhang bote, plastik at papel. Wala silang kakainin kapag hindi niya naimbenta ang mga ito.



Kapag napagod siya, sumasampa na lang siya sa kariton at doon natutulog. Minsan inaabot na siya doon ng gabi hanggang umaga dahil sa sobrang pagod.



## Pag-usapan natin

1. Ano ang masasabi mo kay Moy?
2. Ano-anong karapatan ang dapat tamasahin ng batang katulad ni Moy?
3. Ano-anong karapatan ang hindi tinatamasa ni Moy ayon sa kuwentong iyong binasa?
4. May kaibahan ba ang buhay mo sa buhay ni Moy? Pagkumparahin.
5. May katulad ka bang karanasan sa mga naranasan ni Moy?

## Ating Tandaan


Bawat bata ay may mga karapatan na dapat tamasahin. Ang kanyang pamilya ay may tungkuling ibigay sa kanila ang mga karapatang ito.



**ISAGAWA NATIN**

## Gawain 1

Pagtambalin ang mga karapatan ng bata sa mga larawang nasa kanan. Isulat ang letra ng tamang sagot sa kuwaderno.




1. Karapatang magkaroon ng pangalan




2. Karapatang manirahan sa isang payapa at tahimik na pamayanan




3. Karapatang makapag-aral





4. Karapatang makapaglibang




5. Karapatan na mapaunlad ang kasanayan

**Gawain 2**

Alin sa sumusunod na larawan ang nagpapakita na ang isang bata ay nagtatamasa ng kanyang karapatan. Isulat ang letra ng tamang sagot sa inyong kuwaderno.





## ISAPUSO NATIN


Suriin ang iyong sarili. Alin sa sumusunod na karapatan ang tinatamasa mo ngayon. Kulayan ang graph ayon sa antas ng pagtamasa mo dito. Lima (5) ang pinakamataas at isa (1) ang pinakamababa. Gawin ito sa inyong kuwaderno.

| Mga Karapatan ng Bata | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
|---|---|---|---|---|---|
| Maisilang at magkaroon ng pangalan. | | | | | |
| Maging malaya at magkaroon ng pamilyang mag-aaruga. | | | | | |
| Mabigyan ng sapat na edukasyon. | | | | | |
| Mapaunlad ang kasanayan | | | | | |
| Magkaroon ng sapat na pagkain at tirahan; malusog at aktibong katawan. | | | | | |
| Matutuhan ang mabuting asal at kaugalian. | | | | | |
| Mabigyan ng pagkakataon na makapaglaro at makapaglibang. | | | | | |
| Mabigyan ng proteksiyon laban sa pagsasamantala, panganib at karahasang bunga ng mga paglalaban. | | | | | |
| Manirahan sa isang payapa at tahimik na pamayanan . | | | | | |
| Makapagpahayag ng sariling pananaw. | | | | | |

## ISABUHAY NATIN

A. Maisilang at magkaroon ng pangalan
B. Maging malaya at magkaroon ng pamilyang mag-aaruga
C. Mabigyan ng sapat na edukasyon
D. Mapaunlad ang kasanayan
E. Magkaroon ng sapat na pagkain at tirahan at malusog at aktibong katawan
F. Matutuhan ang mabuting asal at kaugalian Mabigyan ng pagkakataon na makapaglaro at makapaglibang
G. Mabigyan ng proteksiyon laban sa pagsasamantala, panganib at karahasang bunga ng mga paglalaban
H. Manirahan sa isang payapa at tahimk na pamayanan
I. Makapagpahayag ng sariling pananaw


Alin sa mga karapatan ng bata ang masaya mong tinatamasa? Isulat ang letra sa loob ng puso. Alin naman karapatan ang hindi o hindi mo masyadong tinatamasa? Isulat ang letra sa loob ng biyak na puso. Gawin ito sa inyong kuwaderno.





## SUBUKIN NATIN

Isulat sa inyong papel ang karapatang ipinakikita ng larawan.

1. 

______________________________
______________________________
______________________________
________________________.

2. 

______________________________
______________________________
______________________________
________________________.

3. 

______________________________
______________________________
______________________________
________________________.

4. 

______________________________
______________________________
______________________________
________________________.


5. 


______________________________
______________________________
______________________________
________________________.



## GINTONG ARAL

Sa pamilya nagmumula
Karapatang tinatamasa ng isang bata.




# Karapatan ko, Kasiyahan ko!

Napag-aralan mo sa nakaraang aralin na ang isang batang tulad mo ay may mga karapatan.


Masaya mo bang tinatamasa ang mga ito?



## ALAMIN NATIN

Pag-aralan ang mga larawan sa ibaba. Alin sa mga karapatang ito ang iyong nararanasan? Isulat ang letra ng iyong sagot sa kuwaderno.





















Masaya ka ba sa iyong mga karapatan? Bakit?

Maliban sa mga nabanggit na karapatan, ano ang iba pang karapatan na inyong nararanasan sa ngayon?




**ISAISIP NATIN**

Tulad ng mga batang nasa larawan, dapat mong ikasiya ang iyong nakakamit na karapatan.


## Gawain 1

Punan ang patlang ng iyong mga karapatan ayon sa nakikita mo sa larawan. Gawin ito sa iyong kuwaderno.


1. Bilang bata, masaya ako kapag ako ay ___________.




2. Karapatan kong magkaroon ng mabuting ____________________.




3. Karapatan ko ring maramdaman ang ____________________________.



4. Ipinaghahanda ako
ng aking nanay ng _________.




5. Ang batang tulad ko ay may
Karapatang ________________.



6. Kasiyahan ko ring magsuot ng
__________________.



7. Bilang bata masaya
akong maninirahan sa isang
______________________.




8. May natatangi akong
kakayahan, karapatan kong ito
ay ___________________.



## Gawain 2

Piliin mula sa listahan ang mga tinatamasa mo ngayon bilang isang bata. Kopyahin ang larawan ng bahay at isulat sa loob nito ang bilang ng mga karapatang masaya mong tinatamasa.



1. Nakakakain ng masustansyang pagkain.
2. May masaya at tahimik na tahanan
3. Nakakapag-aral
4. May magulong kapitbahay
5. Nakapagsusuot ng maayos na pananamit
6. Mabait na magulang at mga kapatid.

## Ating Tandaan

Ang bawat bata ay may karapatang dapat igalang. Ito'y dapat tamasahin ng may kasiyahan.



ISAGAWA NATIN

## Gawain 1

Bumuo ng apat na pangkat at gawin ang sumusunod:

**Pangkat 1 -** Gumawa ng listahan ng mga karapatang tinatamasa ng mga kasapi ng pangkat. Pag-usapan ito sa grupo. Ibabahagi ng lider ang kanilang mga napag-usapan.

**Pangkat 2 -** Pumili ng isa sa mga karapatan at isadula ito sa loob ng 2-3 minuto.

**Pangkat 3 -** Mula sa mga napag-aralang mga karapatan ng bata, sabihin kung alin sa mga ito ang hindi pa nakakamit. Talakayin ito sa harap ng klase.

**Pangkat 4 -** Sa isang **oslo paper** gumuhit ng isang larawan na nagpapakita ng iyong karapatan. Ipakita sa larawan ang kasiyahan sa karapatang tinatamasa.

Susukatin ang inyong **output** gamit ang pamantayang ibibigay ng inyong guro.



## ISAPUSO NATIN

### Gawain 1

Sabihin kung ano ang iyong nararamdaman kapag ginagawa mo ang sinasabi sa pangungusap. Iguhit ang masayang mukha  kapag masaya ka at malungkot na mukha  kung hindi. Gawin ito sa inyong kuwaderno.

1. Namamasyal kasama ang buong pamilya.
2. Nag-aaral sumulat at magbasa.
3. Nagbibigay galang sa mga nakatatanda.
4. Bumibisita sa doktor kasama ang nanay kapag maysakit.
5. Naglalaro ako kasama ng aking mga kaibigan.

### Gawain 2

Sumulat ng isang maikling talata na nagpapahayag ng iyong kasiyahan para sa mga karapatang iyong tinatamasa. Gawin mo ito sa iyong kuwaderno.



## ISABUHAY NATIN

Alam ma ba kung sino ang tumutulong sa iyo para makamit ang iyong mga karapatan? Kopyahin ang tsart sa iyong kuwaderno at lagyan ng tsek (✓) ang tamang hanay ng iyong sagot.

| Karapatang Tinatamasa | Pamil<br>ya | Simba<br>han | Paara<br>lan | Pama-<br>halaan |
|---|---|---|---|---|
| Wastong edukasyon | | | | |
| Sariling paniniwala sa Diyos | | | | |
| Tahimik na pamayanan | | | | |
| Malinis na pananamit | | | | |
| Kasanayan sa pagbasa at pagsulat | | | | |
| Mga pagamutan at palaruan | | | | |
| Pagmamahal at wastong pag-aalaga | | | | |
| Maayos na tirahan | | | | |
| Malinis na kapaligiran | | | | |




Anong karapatan ang tinatamasa ni Kaloy? Isulat ang letra ng iyong sagot sa sagutang papel.

1. Siya ay nag-aaral sa ikalawang baitang.
   A. Karapatang mag-aral
   B. Karapatang mabuhay
   C. Karapatang magsulat
2. Nagsisimba din siya tuwing Linggo.
   A. Karapatan sa sariling relihiyon
   B. Karapatang mag-aral
   C. Karapatang mahalin
3. Sumasali siya sa paligsahan ng pag-awit.
   A. Karapatang maging masaya
   B. Karapatang paunlarin ang kakayahan
   C. Karapatang maglaro
4. Dinadala sya ng kanyang nanay sa doktor upang ipagamot.
   A. Karapatang kumain
   B. Karapatang matuto
   C. Karapatang maging malusog
5. Masaya niyang ginagawa ang mga gawaing bahay na ibinigay ng guro.
   A. Karapatang makag-aral
   B. Karapatang magdasal
   C. Karapatang maging malusog




Kasiyahan ang nadarama
Kung ang karapatan nakukuha.




# Salamat sa Karapatan!

Naipagpasalamat mo na ba ang iyong karapatang tinatamasa?

Sa araling ito ay mas higit mong pasasalamatan ang mga taong nagbibigay sa iyo ng iyong mga karapatan.



## ALAMIN NATIN

Wow, Galing Naman!



Masayang-masaya si Carla nang dumating mula sa paaralan. Niyakap niya ang kanyang ina na

kasalukuyang nagluluto. “Inay, nakakuha po ako ng mataas na marka sa pagsusulit, napuri ako ng aking guro”. Tuwang-tuwa ang ina ni Carla. “Binabati kita, anak. Sige magpalit ka na ng damit at tayo’y kakain na.” Nakita ni Carla na ang kanyang nanay ay naghanda ng masustansyang pagkain para sa kanilang hapunan. “Wow, ang sarap naman n’yan, inay. Maraming salamat po.”


## Pag-usapan natin

1. Bakit nagpasalamat si Carla sa kanyang ina?
2. Ayon sa inyong binasa, anong mga karapatan ang naibibigay sa kanya?
3. Sino ang nagbibigay nito sa kanya?
4. Nararanasan mo rin ba ang mga karapatang nararanasan ni Carla?
5. Nagpapasalamat ka ba sa nagbibigay sa iyo ng iyong mga karapatan? Paano mo ito ginagawa?





## ISAISIP NATIN

Balikan ang mga nakaraang aralin at sabihin kung alin sa mga nakalarawan ang iyong tinatamasang karapatan.














Sino ang nagbigay sa iyo ng mga karapatang ito?

Bakit mo ito dapat ipagpasalamat sa kanila?

## Ating Tandaan

Dapat tayong magpasalamat para sa mga karapatang ating tinatamasa. Maipakikita natin ang ating pasasalamat kung tayo ay sumusunod sa kanilang payo.




### Gawain 1

Bumuo ng apat na pangkat. Magpakita ng inyong pasasalamat para sa mga karapatang tinatamasa sa pamamagitan ng mga gawaing nakasaad sa bawat pangkat. Ipakita ang inyong **output** sa loob ng tatlong minuto.

Pangkat 1- Gumawa ng isang sulat pasasalamat para sa mga karapatang nakakamit. Isulat ito sa loob ng isang puso.


Pangkat 2- Magsadula ng isang eksena na nagpapakita ng pasasalamat para sa karapatang tinatamasa.

Pangkat 3- Ikuwento kung paano ninyo tinatamasa ang inyong karapatan. Maaari itong gamitan ng **puppet**.

Pangkat 4- Gumawa ng isang dasal upang magpasalamat para sa karapatang tinatamasa. Isulat ito sa isang kartolina.

## ISAPUSO NATIN

Pangkatin sa apat ang klase at gumawa ng isang kuwentong larawan na nagpapahayag ng pagpapasalamat sa mga karapatang iyong nararanasan. Dugtungan ang unang larawan sa kahon.





## ISABUHAY NATIN

Pumili ng isang karapatang nararanasan mo ngayon na gustong-gusto mong ipagpasalamat. Kumuha ka ng iyong kapartner at ikuwento mo ito.

Maaari mo rin itong ikuwento sa harap ng iyong klase.

Matapos mong ikuwento, gumawa ng isang kard na nagpapahayag ng iyong pasasalamat sa kanya.



## SUBUKIN NATIN

Sa iyong papel, sumulat ng isang kuwento na tumutukoy sa mga karapatang iyong tinatamasa. Isulat kung kanino mo ito dapat ipagpasalamat, bakit mo ito dapat ipagpasalamat at kung paano mo siya / sila pasasalamatan.



## GINTONG ARAL

| |
|---|
| Pasasalamat ay mula sa puso,<br>Para sa mga karapatang laging natatamo. |




# Hinto, Hintay, Tawid!


Sa araling ito ay tatalakayin ang mga batas trapiko na dapat sundin ng bawat isa upang magkaroon tayo ng ligtas na pamayanan.

Sa murang gulang ay dapat na maunawaan na ang tamang pagsunod sa batas ay susi sa pagkakaroon ng isang maunlad na bansa.



## ALAMIN NATIN

Tingnan ang mga larawan. Saan mo ito makikita? Ibigay ang kahulugan ng mga babalang pantrapiko na nasa larawan.




Kailangan ba nating sundin ang mga batas pantrapiko? Bakit?




## ISAISIP NATIN

Basahin ang kuwento.

### Halika, Tawid na Tayo!

ni I.M. Gonzales



Pauwi na galing sa paaralan ang magkakaibigang sina Kaloy, Pam, Red, at Lita. Tatawid sila ng kalsada upang makasakay ng dyip.

"Tawid na tayo dito para mas malapit," sabi ni Kaloy. "Naku, huwag diyan, doon tayo sa tamang tawiran," wika ni Lita.




Matapos silang tumawid sa **pedestrian lane** ay huminto ang isang dyip sa tapat nila. "Mga bata, sakay na kayo," tawag ng drayber. "Hindi po dito ang sakayan, duon po sa may nakasulat na 'Dito ang tamang babaan at sakayan'," tugon ni Red sa drayber. Napansin sila ng

isang tagapagpatupad ng batas trapiko. "Tama ang inyong ginagawa, dapat talaga tayong sumunod sa mga babalang pantrapiko. Ipagpatuloy ninyo iyan at sana'y tularan kayo ng ibang mga bata."

## Pag-usapan natin


1. Anong katangian ang ipinakita ng mga bata?
2. Ano-anong batas trapiko ang nasunod ng magkakaibigan?
3. Tama ba ang kanilang ginawa? Bakit?
4. Kung ikaw ay nagmamadali at pinasakay ka ng drayber sa hindi tamang sakayan, ano ang gagawin mo? Bakit?

## Ating Tandaan

Dapat tayong sumunod sa mga batas trapiko upang maging maayos ang ating pamayanan at maiwasan ang aksidente.

## ISAGAWA NATIN

Suriin ang larawan at basahin ang kuwento sa ibaba nito. Sundin ang ipinagagawa sa bawat sitwasyon.





1. Galing sa paaralan ang magkakaibigan. Si Kaloy ay pauwi na sa kanilang tahanan ngunit nakita niyang may dalawang **arrows** sa kalyeng kanyang dadaanan. Kulayan ng pula kung saan siya dapat dumaan.

2. Samantala sina Pam at Lita ay dadaan muna sa simbahan subalit malayo sila sa takdang tawiran. Lagyan ng berdeng ekis kung saan sila dapat tumawid.
3. Kaarawan ng kuya ni Carla kaya't ang kanyang pamilya ay pupunta sa **restaurant**. Lagyan ng asul na bilog kung saan dapat iparada ng tatay niya ang kanilang sasakyan.

4. Pauwi na sina Pam at Lita. Tumingin sila sa ilaw trapiko. Lagyan ng tamang kulay ang bilog ng ilaw trapiko upang sila ay makatawid.



## ISAPUSO NATIN



Tingnan mo ang larawan at sabihin kung ano ang dapat gawin ng mga batang naglalakad. Isulat ang iyong payo sa kuwaderno.



## ISABUHAY NATIN

Gumuhit ng mga babalang pantrapiko na dapat sundin araw-araw. Ilagay ito sa isang malinis na papel.



## SUBUKIN NATIN


Lagyan ng tsek (✓) kung dapat mo itong gawin at ekis (✗) kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Sasabihin ko sa kuya ko na tumawid kami sa tamang tawiran.
2. Papara kami ng ate ko ng sasakyan kahit saan namin gusto.
3. Sasabihin ko sa drayber na huwag bubusina sa tapat ng simbahan o paaralan.
4. Kapag berde na ang ilaw trapiko, hahawak ako sa nakatatandang kamag-anak sa pagtawid sa kalsada.
5. Sasabihin ko sa tatay ko na iparada ang aming sasakyan kahit saan niya gusto.



## GINTONG ARAL

| |
|---|
| Sa batas trapiko,<br>Ligtas ka kung susundin mo. |




# Basura mo, Itapon ng Wasto!

Sa araling ito ay higit na mauunawaan ang mga dapat gawin upang magkaroon ng isang maayos at malinis na kapaligiran.


May alam ka bang paraan upang makamit ito?





## Gawain 1


Suriin ang mga larawan. Piliin ang letra ng larawang nagpapakita ng wastong pagtatapon ng basura. Sagutan ang gawain ng pabiakas.

A.


B.


C.


D.


E.


F.


## Gawain 2

Sipiin sa inyong kuwaderno ang tsart. Kulayan ng pula ang puso kung ang sinasabi sa pangungusap ay nagawa mo na. Kulayan ito ng dilaw kung hindi mo pa ito nagagawa.

| Mga Sitwasyon | Nagawa na | Hindi pa |
|---|---|---|
| 1. Nagtatapon ako ng basura sa tamang basurahan. | | |
| 2. Pinaghihiwalay ko ang mga basurang nabubulok at di-nabubulok. | | |
| 3. Ibinabaon ko sa lupa ang mga basurang nabubulok upang maging pataba ng halaman. | | |
| 4. Tinatakpan ko ang aming basurahan upang hindi langawin. | | |
| 5. Inilalabas ko lamang ng tarangkahan ang aming basura kapag araw ngangongolekta ng trak. | | |



**ISAISIP NATIN**

## Gawain 1

May mga suliranin ang pamayanan sanhi ng maling pagtatapon ng basura. Basahin ang tula upang makatulong kang magbigay solusyon sa problemang ito.

### Basura ang Dahilan

ni I. M. Gonzales

Paligid ay kanais-nais
Kapag ito ay malinis
Kaya kumuha ka ng walis
Upang basura ay maalis.

Tahanan at paaralan
Pati na rin sa lansangan
Hindi dapat na kalatan
Ito ay ating tahanan.

Mga kanal ay ingatan
Upang hindi mabarahan
Baradong kanal ang dahilan
Mga baha sa ating bayan.

Lagi sanang maalala
Saan man tayo magpunta
Sa pagtatapon ng basura
Kailangan ang disiplina.

## Pag-usapan natin

1. Ayon sa binasa mong tula, anong uri ng kapaligiran ang kanais-nais?
2. Paano mapananatili ang kalinisan nito?
3. Ano ang dahilan ng mga suliranin sa kalinisan ng ating kapaligiran?
4. Ano ang ginagawa mo sa inyong mga basura sa tahanan at sa paaralan?
5. Makatutulong ba ito sa kalinisan at kaayusan ng iyong pamayanan?

## Ating Tandaan

Ang wastong pagtatapon ng basura ay makatutulong upang mapanatili ang kaayusan ng pamayanan.



## ISAGAWA NATIN

Pangkatin ang klase sa apat at sundin ang ibibigay na gawain. Talakayin ang inyong sagot sa klase. Maari kayong magsaliksik sa **internet,** mga aklat, at mga babasahin upang makapagbigay nang makabuluhang sagot.

*Pangkat 1*- Magbigay ng mga paraan nang wastong pagtatapon ng basura.

*Pangkat 2* - Isa-isahin ang mga lumang kagamitan na maari pang gamiting muli o **i-recycle**. Ibigay ang proseso ng **pagrerecycle** nito.

*Pangkat 3* - Bumuo ng isang plano kung paano mapaghihiwalay ang mga nabubulok at di-nabubulok na basura sa inyong silid aralan.




## Gawain 1

Sipiin ang tsart sa inyong kuwaderno. Lagyan ng tsek (✓) ang tapat ng **walis tambo** kung masaya ka sa sinasabi ng pangungusap at tapat ng **walis tingting** kung hindi ka masaya.

| Mga Sitwasyon |  |  |
|---|---|---|
| 1. May tambak ng basura sa dadaanan mo | | |
| 2. Inutusan ka ng iyong nanay na paghiwalayin ang mga basurang nabubulok at di- nabubulok. | | |
| 3. Nagsusunog ng mga tuyong dahon ang iyong kapitbahay. | | |
| 4. May isang klase na gumagawa ng proyekto gamit ang mga patapong bagay. | | |
| 5. Ang mga bata sa ikaanim na baiting ay gumagawa ng **compost pit** upang ibaon ang nabubulok na basura. | | |


**Gawain 2**

Gumawa ng isang pangako na iyong gagawin upang maipakita ang wastong pagtatapon ng basura. Isulat ito sa iyong kuwaderno.




**Gawain 1**

Ang sanhi ng baha ay ang pagbabara ng mga kanal. Magbigay ng sarili mong solusyon upang maiwasan ang ganitong sitwasyon. Gumawa ng bangkang papel at isulat ang iyong sagot sa loob nito.



## Gawain 2

Gamit ang isang **oslo paper**, gumawa ng **poster** tungkol sa tamang pagtatapon ng basura.



### SUBUKIN NATIN

Sa iyong sagutang pael, gumuhit ng masayang mukha () kung sang-ayon ka sa sinasabi ng pangungusap at malungkot na mukha () kung hindi.

1. Dapat itapon ang basura sa tamang lagayan.
2. Pabayaang mabulok ang basura kung hindi ito makokolekta ng trak.
3. Dapat sunugin ang mga tuyong dahon at mga papel
4. Ilagay muna sa bulsa ang maliliit na basura at itapon pag-uwi ng bahay.
5. Gamiting muli ang mga gamit na puwede pa.



### GINTONG ARAL

Sa tamang pagtatapon ng basura
Bayan natin ay gaganda.





# Luntiang Paligid Mo, Ligaya sa Puso Ko!

Napakagandang pagmasdan ang isang kapaligirang makulay dahil sa malulusog na halaman.

Sa araling ito ay higit mong mauunawaan ang kahalagahan ng wastong pag-aalaga sa mga halaman.



## ALAMIN NATIN



Paghambingin ang dalawang tirahan. Saan sila nagkaiba?

Saan mo gustong tumira? Bakit?

Bakit maganda ang paligid na maraming halaman?

Ano-ano ang naibibigay sa atin ng mga halaman?

## ISAISIP NATIN

### Gawain 1

Mayroong proyektong “Gulayan sa Paaralan” sa inyong paaralan. Paano ka makatutulong upang dumami ang tanim ninyo sa paaralan? Gumuhit ng isang paso sa iyong kuwaderno at isulat ang iyong sagot sa loob nito.



## Ating Tandaan

Ang halaman ay nakapagpapaganda ng ating kapaligiran kaya't dapat natin itong alagaan.




Sa isang **oslo paper**, iguhit muna ang mga nakalagay sa Kahon B. Pagkatapos, gawin ang sumusunod na panuto upang makabuo ng isang maayos at magandang parke


1. Iguhit ang monumento sa gitna ng parke.

2. Isunod ang mga halaman sa paligid ng monumento at sa iba pang parte ng parke. Kulayan ang mga ito.


3. Ilagay ang tatlong ilaw sa paligid ng monumento at ang iba ay sa apat na sulok ng parke.

4. Ang mga palaruan ay ilagay sa magandang lugar ng parke.

Kahon A



Kahon B





## ISAPUSO NATIN

Sabihin kung ano ang iyong gagawin sa sumusunod na sitwasyon. Isulat sa kuwaderno ang letra ng iyong sagot.

1. Payat at naninilaw ang itinanim mong okra. Ano ang iyong dapat gawin?
   A. Pababayaan ko na lang ito hanggang sa mamatay.
   B. Didiligan at paaarawan ko ito.
   C. Ilalagay ko ito sa lilim.

2. Galing sa puno ang ating mga upuan. Nakita mong sinisira ng kaklase mo ang kanyang upuan.
   A. Pababayaan ko siya.
   B. Ibibigay ko na lang ang upuan ko sa kanya.
   C. Ipapaliwanag ko kung saan galing ang upuan.

3. Maraming insekto ang iyong halaman. Dapat mo ba itong alisin?
   A. Oo. Sapagkat kinakain nito ang halaman.
   B. Hindi. Nakakataba ito sa halaman.
   C. Hindi. Babalik din naman sila.


4. May proyekto ang paaralan tungkol sa paghahalaman sa tahanan. Maliit lamang ang inyong bakuran. Ano ang iyong dapat gawin?
   A. Magtatanim ako sa paso.
   B. Hindi na lang ako magtatanim.
   C. Magtatanim ako sa kapitbahay.

5. Nakita mong inaapakan ng ibang bata ang mga damo sa parke. May nakasulat ditong "Huwag Tapakan". Ano ang dapat mong gawin?
   A. Sasabihin ko sa kanila na ingatan ang mga halaman.
   B. Titingnan ko lang sila.
   C. Makiki-apak na din ako sa mga halaman.




## Gawain 1

Nais mong magkaroon ng halaman sa paligid ng inyong tahanan. Iguhit ang mga halaman na gusto mong itanim at kung paano ang ayos nito sa paligid ng inyong bahay. Gawin ito sa inyong kuwaderno.



**Gawain 2**

May kapitbahay kayo na may mga halamang magaganda at malulusog sa paligid ng kanilang tahanan? Itanong mo kung paano nya inaalagaan ang kanyang mga halaman. Ibahagi mo sa klase ang iyong mga natutuhan sa kanya.



**SUBUKIN NATIN**

Sa iyong sagutang papel, isulat ang tsek (✓) kung tama ang ginagawa ayon sa pangungusap at ekis(✗) kung mali.

1. Nakatutulong ang mga puno upang mapigilan ang pagbaha.
2. Nakapagbibigay ng sariwang hangin ang mga halaman.
3. Hindi nangangailangan ng sikat ng araw ang mga halaman.
4. Tama ang ginagawang pagpuputol ng mga puno sa gubat.
5. Nakatutulong tayo sa pag-aalaga ng ating mga puno kung iniingatan natin ang ating upuan.



**GINTONG ARAL**

| Luntiang halaman, sa puso ay kaligayahan. |
| --- |




# Kalinisan at Kaayusan sa Paaralan, Pananatilihin ko!

Sa araling ito ay matutukoy mo ang iba't ibang programa ng paaralan na makatutulong sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng pamayanan at bansa.



## ALAMIN NATIN

Basahin ang tula.

### Sa Aming Paaralan

ni R.B. Catapang

Guro't mag-aaral ay nagtutulungan,
Sa kalinisan at kaayusan ng paaralan.
Dulo't nito'y maganda sa kalusugan,
Siguradong ang sakit ay maiiwasan.

Basurang nabubulok at di-nabubulok
ay paghiwalayin,
Mga papel ay ipunin at muling gamitin.
Plastik ay **i-recycle** at huwag sunugin,
Tulong sa kapaligiran ay palaging isipin.



Kung lahat ng ito ay ating gagawin.
Malinis na hangin ay ating lalanghapin,
Kaya't paglilinis ay laging ugaliin,
Tandaan at palaging gawin.

Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Ano-ano ang mga gawain sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng paaralan?
2. Paano ka nakikiisa sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng paaralan?
3. Bakit dapat tayong tumulong sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng paaralan?



## ISAISIP NATIN

Suriin ang sumusunod na larawan.

## War on Waste



## Garden inside a School



## YES-O



## Pag-usapan natin

1. Ano-ano ang programang pampaaralan na nakakatulong sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng pamayanan at bansa?
2. Paano ipinapakita ng mga mag-aaral ang kanilang pakikiisa sa programa ng paaralan?
3. Bilang isang mag-aaral, bakit kailangan mong makiisa sa mga programang pangkalinisan at pangkaayusan ng paaralan?

## Ating Tandaan

Ang pakikiisa sa iba't ibang programa ng paaralan para sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ay pagpapakita ng pagmamalasakit sa kapaligiran ng ating pamayanan at bansa.




## ISAGAWA NATIN

### Gawain 1

Gumuhit ng tatlong (3) larawan na nagpapakita na ikaw ay nakikiisa sa pagpapanatili sa kalinisan at kaayusan ng inyong paaralan. Iguhit ito sa inyong kuwaderno. Ipaliwanag sa klase ang iginuhit mo.

## Gawain 2

Iguhit ang **dustpan** (  ) kung ang pangungusap ay nagpapakita ng pakikiisa sa kalinisan at kaayusan ng paaralan at walis (  ) naman kung hindi. Gawin ito sa inyong kuwaderno.

1. Itinatapon ko ang mga tuyong dahon sa **compost pit**.

2. Ibinubukod ko ang nabubulok sa di-nabubulok na basura.

3. Iniiwan ko ang balat ng **biscuit** sa mesa sa kantina.

4. Tumatakas ako kapag **cleaners** ang aming grupo sa paglilinis ng silid-aralan.

5. Tumutulong ako sa pagdidilig ng mga halaman sa aming paaralan.



**ISAPUSO NATIN**

Ngayon ay alam mo na ang mga dapat gawin upang mapanatiling malinis at maayos ang paligid.

Gumawa ng tseklis sa inyong kuwaderno katulad ng nasa ibaba. Lagyan ng tsek (✓) ang hanay na nagsasabi kung gaano mo kadalas ginagawa ang sumusunod na gawain. Gamitin ang pamantayan sa ibaba.

**3 -** Madalas
**2 -** Paminsan-minsan
**1 -** Hindi, kahit minsan

| **Mga Ginagawa Ko** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|
| 1. Itinatapon ko nang wasto ang basura. | | | |
| 2. Inihihiwalay ko ang balat ng saging sa mga basurang hindi nabubulok. | | | |
| 3. Inilalahok ko ang boteng plastic sa mga nabubulok na basura. | | | |
| 4. Tumutulong ako sa pagtatanim ng gulay sa aming bakuran. | | | |
| 5. Dinidiligan ko ang mga bagong tanim na halaman para maiwasang matuyo. | | | |



## ISABUHAY NATIN

Sumulat ng pangungusap na hinihingi sa bawat bilang. Gawin itong sariling pangako na susundin tungo sa pakikiisa sa kalinisan at kaayusan ng paaralan.  Isulat ito sa inyong kuwaderno.

1. Isang pangungusap na nagsasabi tungkol sa gagawin mo sa mga nabubulok at di-nabubulok na basura.

2. Isang pangungusap na nagsasabi tungkol sa gagawin mo sa mga boteng walang laman at lumang diyaryo o anumang papel.

3. Isang pangungusap na nagsasabi tungkol sa gagawin mo sa mga bagong tanim na halaman sa inyong gulayan sa paaralan.



**SUBUKIN NATIN**

Basahin ang sumusunod na sitwasyon. Piliin ang letra ng nararapat mong gawin upang maipakita ang pakikiisa sa kalinisan at kaayusan ng paaralan. Gawin ito sa inyong kuwaderno.

1. Isang araw sa iyong paglalakad ay nauhaw ka. Bumili ka ng isang bote ng **mineral water** sa tindahan. Ano ang dapat mong gawin sa boteng pinaglagyan ng tubig?

    A. Itatapon ko sa daan.
    B. Itatapon ko sa tamang lalagyan.
    C. Itatapon ko sa kanal.

2. Pinagdala kayo ng inyong guro ng lumang magasin dahil may gagawin kayong proyekto sa **Art**. Ano ang dapat mong gawin sa sobrang magasin?

    A. Ibibigay ko sa guro na may hawak ng **YES-O** para isama sa mga ire-**recycle**.
    B. Itatapon ko sa likod ng aming silid-aralan para wala na akong dadalhin pabalik ng bahay.
    C. Iuuwi ko sa bahay para sunugin.

3. Pinagwalis kayo ng inyong guro sa likuran ng inyong silid-aralan. Ano ang dapat mong gawin sa tuyong dahon na inyong naipon?
   A. Susunugin namin.
   B. Itatapon sa **compost pit** para maging pataba sa halaman.
   C. Iiwanan namin sa isang tabi.
4. Pumunta ang pinsan mo sa inyong bahay upang manghingi ng bote para sa gagawing proyekto sa **YES-O**. Ano ang dapat mong gawin?
   A. Hindi ko siya bibigyan dahil ibebenta ko iyon sa magbabasura.
   B. Sasabihin ko na wala kaming bote.
   C. Bibigyan ko siya.
5. Nakita mo ang bagong tanim na gulay sa inyong paaralan na nalalanta dahil nakalimutan itong diligan. Ano ang dapat mong gawin?
   A. Didiligan ko ito para mabuhay.
   B. Pababayaan ko itong lalong matuyo.
   C. Bubunutin ko na lang ito para wala nang didiligan.




Ang malinis at maayos na kapaligiran, dulot ay kalusugan ng katawan.




# Kalinisan at Kaayusan sa Pamayanan,

Sa araling ito ay matutukoy mo ang iba't ibang programa ng pamayanan na makatutulong sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa pamayanan at bansa.  Ang pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa mga pook pampubliko ay tungkulin at pananagutan ng bawat isa sa atin.




Basahin ang diyalogo.

Linggo ng umaga. Nagwawalis si Rolan ng kanilang bakuran ng dumating si Rodel sa kanilang bahay.



**Rodel**: O, Rolan! Bakit nagwawalis ka pa dyan? Hindi ba't usapan natin mamamasyal tayo sa parke ngayon?

**Rolan**: Sandali lang! Syempre bago tayo umalis eh gusto ko munang makitang malinis ang aming bakuran. Alam mo bang marami ang natutuwa kapag malinis at maayos ang aming bakuran? Naglinis ka rin ba ng inyong bakuran bago pumunta dito?

**Rodel**: Hindi nga eh! Tinanghali kasi ako ng gising. Ano naman ang gagawin mo sa mga tuyong dahon na iyan?

**Rolan**: Ang mga tuyong dahong ito ay inilalagay ko sa **compost pit** para maging pataba sa mga halaman.

**Rodel**: Wala talaga akong masabi sa'yo Rolan! Saludo ako sa iyong kasipagan. Mabuti pa ay mamaya na tayo pumunta sa parke. Maglilinis din muna ako ng aming bakuran.

Sagutin ang sumusunod na tanong:


1. Bakit maagang pumunta si Rodel sa bahay nina Rolan?
2. Ano ang ginagawa ni Rolan nang dumating si Rodel sa kanilang bahay?

3. Bakit nais ni Rolan na malinis at maayos ang kanilang bakuran?
4. Ano-ano ang magandang naidudulot ng malinis at maayos na kapaligiran?
5. Sa paanong paraan ka makakatulong sa pagpapanatili ng malinis at maayos na kapaligiran sa inyong pamayanan?



**ISAISIP NATIN**

Suriin ang sumusunod na larawan.



## Pag-usapan natin

1. Ano-ano ang ipinapakita ng bawat larawan?
2. Nakikiisa ba ang mga mamamayan sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng pamayanan?
3. Bilang isang mag-aaral, bakit kinakailangan mong makiisa sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa iyong pamayanan?

## Ating Tandaan

Ang pakikiisa sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ay pagpapakita ng pagsunod sa mga programa at proyekto ng pamayanan. Ito ay tanda ng pagmamalasakit sa ating kapaligiran at kalikasan.




**ISAGAWA NATIN**

## Gawain 1

Pag-aralan ang sumusunod na sitwasyon. Piliin ang mga letra ng larawang nagpapakita ng pagpapanatili sa kalinisan at kaayusan ng pamayanan.  Isulat ang sagot sa inyong kuwaderno.


1. Kumain ka ng kendi. Ano ang dapat mong gawin sa balat nito?







2. Naglinis kayong magkapatid sa inyong bakuran. Ano ang dapat ninyong gawin sa naipong basura?









3. Nakita mong nagsusulat sa pader ang iyong kaibigan. Ano ang dapat mong gawin?







4. Nagtanim ng halamang gulay ang tatay mo sa likod ng inyong bahay. Ano ang dapat mong gawin?





5. Napansin mong may magtatapon ng basura sa tabing ilog. Ano ang dapat mong gawin?








## ISAPUSO NATIN

Iguhit ang bituin (  ) sa inyong kuwaderno. Kulayan ito kung gaano mo kadalas ginagawa ang sumusunod na gawain. Gamitin ang pamantayan sa ibaba:

**Pula** - Palagi kong ginagawa
**Dilaw** - Paminsan-minsan kong ginagawa
**Berde** - Hindi ko ginagawa

1. Itinatapon ko ang mga basura sa tamang lalagyan.

2. Ibinubukod ko ang nabubulok sa di-nabubulok na basura bago ko ilagay sa tamang lalagyan.

3. Tinatapakan ko ang bagong tanim na halaman sa aming bakuran.

4. Sinusulatan ko ang pader ng aming kapitbahay.

5. Itinatapon ko sa tabing ilog ang aming basura.



## ISABUHAY NATIN

Basahin ang sumusunod na sitwasyon. Piliin ang letra ng nararapat mong gawin upang maipakita ang pakikiisa mo sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng pamayanan. Isulat ang inyong sagot sa kuwaderno.

1. Kumakain kayong magkakaibigan ng lansones habang nanonood ng larong **basketball** sa palaruan. Nang matapos ang laro, iniwanan ng kasama mo ang balat ng lansones sa upuan. Ano ang dapat mong gawin?

   A. Ikakalat ko ang mga balat sa palaruan.

   B. Iiwanan ko ang mga balat sa upuan.

   C. Pupulutin ko ang mga balat at itatapon ko sa basurahan.

2. Isang Sabado ng umaga, tulong-tulong na naglinis ng bakuran ang inyong pamilya. Ano ang dapat mong gawin sa basura?

   A. Sasabihin ko kay tatay na sunugin na lang ang mga basura.

   B. Paghihiwalayin ko ang nabubulok at di-nabubulok na basura.

   C. Itatapon ko sa tabi ng ilog ang mga basura para ipaanod.

3. Pumunta sa isang resort ang inyong pamilya. Matapos kumain, iniligpit ng iyong nanay ang mga ginamit sa pagkain at hinakot ng iyong tatay ang ibang gamit sa inyong sasakyan. Ano ang dapat mong gawin?

   A. Panonoorin ko sila tatay at nanay sa kanilang ginagawa.
   B. Pupulutin ko ang mga basurang nakakalat at itatapon sa tamang lalagyan.
   C. Tatawagin ko ang janitor upang linisin ang lugar na aming ginamit.

4. Isang hapon nagkaroon ng pagbaha sa harap ng inyong bahay. Matapos mawala ang tubig nakita mo ang nakakalat na basura. Ano ang dapat mong gawin?

   A. Lilinisin ko ang kanal para maaalis ang mga basurang nakaharang.
   B. Maglalaro ako ng bangkang papel sa kanal.
   C. Hintayin ko na lang na linisin ng aming kapitbahay ang aming harapan.

5. Niyaya ka ng iyong kapatid na mamasyal sa parke. Habang kayo ay namamasyal napansin mo na tinatapon ng kapatid mo ang plastic na kanyang pinagkainan, Ano ang dapat mong gawin?

   A. Hahayaan ko na lang ang kapatid ko na itapon ang plastik.

   B. Pagsasabihan ko siya na huwag ikalat ang plastik.

   C. Itatapon ko na rin kahit saan ang basura ko.



## SUBUKIN NATIN

Basahin ang sumusunod na pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang **Tama** kung ito ay nagpapakita ng pakikiisa sa kalinisan at kaayusan ng pamayanan at **Mali** kung hindi.

1. Itinatapon ko ang basura kung saan ko magustuhang ilagay.
2. Inaalagaan ko ang mga halaman sa aming bakuran.
3. Pumupunta ako sa palikuran kapag ako ay umiihi o dumudumi.
4. Tumutulong ako sa pagwawalis sa aming paligid.
5. Tinitingnan kong mabuti kung sa tamang basurahan ko itinapon ang basura.



## GINTONG ARAL

Ang malinis at maayos na pamayanan,
Dulo't ay kalusugan ng isip at katawan,
Na lubhang kailangan ng maunlad na bayan!




# Kapayapaan sa Bayan Ko!

Mababasa natin sa diyaryo at mapapanood sa TV na nawawala na ang kapayapaan sa ating bayan. Bilang mag-aaral, matutunan mo sa araling ito na kahit bata ka pa lang ay makatutulong ka sa pagkakaroon ng kapayapaan sa ating bayan.



## ALAMIN NATIN



Masdan mo ang larawan na nasa unahan. Ano ang iyong napansin?

Ano ang iyong naramdaman nang makita ninyo ang mga ito?

Bakit kaya nangyayari ang mga ito sa ating pamayanan at bansa?


Bilang bata, ano ang maitutulong mo para maiwasan ang ganitong mga pangyayari?




**Kapayapaang Hatid ni Mila**

ni M.C.M. Caraan

Si Mila, isang bata sa Ikalawang Baitang ay kinatutuwaan sa paaralang maging sa kaniyang pamayanan. Paglabas pa lang sa kanilang tahanan ay kakikitaan na siya ng kasiyahan sa mukha. Kung kaya't lahat ng nakakasalubong niya ay napapangiti rin.



Marami siyang kaibigan sa paaralan. Maging ang mga guro, **janitor**, at **security guard** ay magiliw sa kanya dahil sa paraan ng kanyang pakikitungo sa mga ito. Pakiramdam ng lahat ay nagiging payapa sila kapag binabati sila ni Mila.

Minsan, nakita niyang nag-aaway sina Kaloy at Kiko. Nilapitan niya ang mga ito at kinausap. "Kaloy, Kiko huwag na kayong mag-away. Magkaibigan kayo. Hindi kayo dapat nag-aaway. Ang magkaibigan ay nagtutulungan." ang payo niya sa dalawa.



Pag-usapan natin

1. Ano ang mensahe ng kuwento?
2. Bakit kinagigiliwan si Mila ng lahat?
3. Ano ang dahilan ng pagkakaroon ng mabuting ugali ni Mila? Ibigay ang iyong kuro-kuro.

## Ating Tandaan

Ang pagiging payapa sa ating sarili ay magdudulot ng kaayusan at kapayapaan sa ating pamayanan at bansa.



## ISAGAWA NATIN

Ano ang iyong gagawin kung nasa ganito kang sitwasyon? Ipaliwanag ng pasalita ang inyong sagot.

1. Naghahabulan kayong magkakaibigan. Nasagi ka ng isa sa mga ito. Ano ang dapat mong gawin?

2. Umuwi ka ng bahay galing sa paaralan. Naabutan mong nag-aaway ang iyong mga magulang. Ano ang dapat mong gawin?

3. Marami kang magagandang laruan na iniingatan. Pag-uwi mo galing paaralan, nakita mo na ang isa sa mga paborito mong manika ay wala nang ulo. Ano ang gagawin mo kung nakita mong hawak ito ng iyong bunsong kapatid?

4. Naglalakad ka sa pasilyo ng inyong paaralan. Pinatid ka ng isang bata at ikaw ay nadapa. Narinig mo na lang na pinagtatawanan ka. Ano ang dapat mong gawin?

5. Nakita mong itinago ng iyong mga kaklase ang bag ng isa mong kaklase. Nang maghanap siya itinanggi nila ito. Ano ang iyong dapat gawin?



**ISAPUSO NATIN**

Suriin ang sarili.

Paano mo maipakikita ang pagiging ehemplo ng kapayapaan? Lagyan ng bituin ang katapat na sitwasyon. Lima (5) ang pinakamataas at isa (1) naman ang pinakamababa. Gawin ito sa inyong kuwaderno.

| **Mga Sitwasyon** | **Bilang ng bituin** |
|---|---|
| 1. Umiiwas akong makipag-away sa iba. | |
| 2. Kaibigan ko ang lahat ng aking mga kaklase. | |
| 3. Humihingi ako ng paumanhin kung may nagawan ako ng mali. | |
| 4. Magiliw akong nakikipag-usap kahit kanino . | |
| 5. Nagbibigay ako ng tamang payo sa mga kaibigan kong may alitan. | |



## ISABUHAY NATIN

Nasuri ninyo ang inyong sarili kung gaano ninyo kadalas ginagawa ang mga sitwasyon na nagpapakita ng pagiging ehemplo ng kapayapaan.

Sa isang **bond paper**, iguhit kung paano nyo pa maipakikita ang pagiging halimbawa ng kapayapaan.

Palagyan ito ng marka sa inyong mga kaklase, guro at magulang gamit ang sumusunod na pananda.

**Medal**, kung tama ang iyong gagawin,

**Ribbon** kung hindi masyadong tama at

**Kandila** naman kung hindi tama



## SUBUKIN NATIN

Isulat sa sagutang papel ang **Tama** kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng pagiging ehemplo ng kapayapaan at **Mali** naman kung hindi.

1. Laging sumisigaw sa loob ng klase.

2. Nakangiting sinasalubong ang mga kaklase araw-araw.

3. Masayang nakikipaglaro sa mga bata.

4. Pinapayuhan ng tama ang mga kaibigang nag-aaway.

5. Laging nananakit ng kapwa bata.



## GINTONG ARAL

Maging halimbawa ng kapayapaan
Upang kagiliwan at laging pamarisan.


Pananalig sa Panginoon
at Preperensya
sa Kabutihan
YUNIT 4




# Salamat po Panginoon!

Sa araling ito ay matutukoy mo ang mga dapat mong gawin upang maipakita ang pagbibigay halaga sa mga nilikha ng Diyos at sa mga biyayang ipinagkaloob Niya sa atin.




Basahin ang kuwento.

## Ang Kaarawan ni Karlo

ni R. B. Catapang



Araw ng Linggo, maagang nagising si Karlo. Ito ang araw ng kanyang ika-pitong taong kaarawan. Subalit

malungkot siya dahil hindi siya naibili ng bagong sapatos na gustong-gusto niya.  "Huwag ka nang malungkot Karlo," ang samo ni nanay Felisa. "Maayos pa naman ang dati mong sapatos kaya puwede mo pa itong magamit. Magbihis ka na dahil tayo ay magsisimba," dagdag ng kanyang ina.




Sa harap ng simbahan nakita ni Karlo ang isang batang lalaki na buhat-buhat ng kanyang ama mula sa kotse. Isinakay niya ito sa **wheel chair**.

Nasabi ni Karlo sa kanyang sarili, "Masuwerte pa rin pala ako, kahit wala akong bagong sapatos sa kaarawan ko ay kumpleto ang mga paa ko. Salamat po Panginoon sa biyayang ipinagkaloob Mo sa akin at ipinapanalangin ko po na tulungan mo rin ang batang may kapansanan na maging masaya."

Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Bakit malungkot si Karlo sa kanyang ikapitong kaarawan?
2. Ano ang nakita ni Karlo sa harap ng simbahan na biglang nakapagpabago sa kanyang nararamdaman?
3. Dapat bang magpasalamat tayo sa Poong Maykapal? Bakit?



## ISAISIP NATIN

Suriin ang sumusunod na larawan. Isulat sa inyong kuwaderno kung paano nila ipinapakita ang pagbibigay halaga sa mga nilikha at kaloob ng Panginoon.







**Pag-usapan natin**

1. Ano ang ipinapakita ng bawat larawan?
2. Bilang isang mag-aaral, sa paanong paraan mo binibigyang halaga ang biyayang ipinagkaloob ng Panginoon?

## Ating Tandaan


Dapat nating pasalamatan ang Panginoon sa lahat ng Kanyang nilikha at sa ipinagkaloob Niyang biyaya sa atin. Kaya nararapat lang na ingatan at pahalagahan ang mga ito.





**Gawain 1**

Pag-aralan ang sumusunod na sitwasyon. Piliin ang letra ng larawan na nagpapakita ng pagbibigay halaga sa mga nilikha ng Diyos at sa mga biyayang ipinagkaloob Niya sa atin. Isulat sa kuwaderno ang inyong sagot.


1. Nabalitaan mo na ang iyong kaibigan ay may sakit. Ano ang dapat mong gawin?









2. Nagsimba ang buong pamilya ninyo. Ano ang dapat mong gawin sa loob ng simbahan?









3. Ano ang dapat gawin ng mag-anak bago at pagkatapos kumain?








4. Namunga ang halamang gulay ng tatay mo sa inyong bakuran. Ano ang dapat mong gawin?




5. Napansin mong may namamalimos na pulubi sa pintuan ng inyong bahay. Ano ang dapat mong gawin?



## Gawain 2

Basahin ang sumusunod na sitwasyon. Piliin ang letra ng dapat mong gawin upang maipakita ang pagbibigay halaga sa mga biyaya ng Panginoon. Isulat sa kuwaderno ang inyong sagot.

1. Isang umaga, naghihintay ka ng dyip sa may kanto patungo sa paaralan. May nakasabay kang isang batang pilay na naghihintay din ng sasakyan. Ano ang gagawin mo?

   A. Uunahan ko siyang sumakay sa dyip.

   B. Titingnan ko siya kung paano siya sumakay.

   C. Aalalayan ko siya sa kanyang pagsakay.

2. Kararating mo lang sa inyong bahay galing sa paaralan. Gutom na gutom ka dahil hindi ka nagmeryenda. Nakita mong nakahanda na ang hapag-kainan para sa hapunan.

   A. Uupo ka at kakain agad.

   B. Hihintayin kong makumpleto kami bago kumain.

   C. Titikman ko ang mga pagkain habang naghihintay sa ibang kasapi ng pamilya.

3. Tuwing gabi matapos mong gawin ang takdang-aralin, nakakaramdam ka nang antok.

   A. Aalisin ko ang gamit sa **study table** at doon muna ako matutulog.

B. Pupunta ako sa sala at doon muna ako matutulog.

C. Pupunta ako sa kuwarto at magdarasal muna bago matulog.

4. Isang umaga, may pumuntang mga pinuno ng barangay sa inyong paaralan. Nanghihingi sila ng tulong para sa mga biktima ng bagyo.
   A. Hindi ako magbibigay ng tulong dahil mababawasan ang aking baon.
   B. Magbibigay ako ng tulong kahit mabawasan ang aking baon.
   C. Maghihingi ako sa aking kaklase para hindi mabawasan ang aking baon.

5. Nalimutan ng iyong kapatid na pakainin ang kanyang mga alagang isda sa **aquarium**.
   A. Papakainin ko dahil baka sila mamatay sa gutom.
   B. Hihintayin ko na lang bumalik ang aking kapatid para siya ang magpakain.
   C. Kukunin ko ang mga alagang isda sa **aquarium** para paglaruan.



## ISAPUSO NATIN

Gumawa ng tseklis sa inyong kuwaderno katulad ng nasa ibaba.

Lagyan ng puso (♡) ang hanay kung gaano mo kadalas ginagawa ang sumusunod. Gamitin ang pamantayan sa ibaba.

3 - Palagi kong ginagawa

2 - Paminsan-minsan kong ginagawa

1 - Hindi ko ginagawa kahit kailan

| **Mga Sitwasyon** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|
| 1. Nagdarasal ako bago at pagkatapos kumain. | | | |
| 2. Ibinabahagi ko sa aking mga kaibigan ang mga laruang hindi ko na ginagamit. | | | |
| 3. Nagbibigay ako ng tulong sa mga biktima ng lindol, sunog at baha. | | | |
| 4. Inaalagaan ko ang mga hayop sa aming bahay. | | | |
| 5. Nagpapakalong ako sa aking nanay kapag may nakita akong matandang sumakay sa dyip kung ito ay puno na. | | | |



## ISABUHAY NATIN

Sumulat ng isang maikling panalangin bilang pasasalamat sa mga biyayang ipinagkaloob sa'yo ng Panginoong Maykapal.

Diyos Ama sa langit, …

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

_______________.



## SUBUKIN NATIN

Sagutin kung Tama o Mali ang sinasabi ng sumusunod na pangungusap. Isulat sa papel ang inyong sagot.

1. Ibinabahagi ko sa kapwa ko bata ang aking mga laruan na hindi ko na ginagamit.
2. Nagbibigay ako ng tulong sa mga pulubi at may kapansanan.
3. Inaapakan ko ang mga halaman sa parke at paaralan.
4. Tinitirador ko ang mga ibon na nakikita ko.
5. Nagdarasal ako bago matulog at pagkagising sa umaga.



## GINTONG ARAL

| |
|---|
| Sa Poong Lumikha ay laging magpasalamat,<br>Sa lahat ng biyayang ating tinanggap. |




# Mga Biyaya, Pinahahalagahan

Sa araling ito matututunan mong pahalagahan ang mga biyayang natatanggap mo sa araw-araw.



## ALAMIN NATIN

### Salamat Po!

ni MC M. Caraan




Ikaanim ng umaga nang magising si Lisa. Agad siyang nagdasal at nagpasalamat sa Diyos sa magandang umaga na nakita niya

Linggo noon kaya kinuha niya ang magandang bestido na isusuot niya sa pagsimba. "Salamat po sa magandang damit na aking isusuot." Agad

siyang naligo at naghanda ng kanyang sarili.

Tinawag siya ng kanyang nanay dahil handa na ang kanilang almusal. Dumulog siya sa hapag-kainan upang mag-almusal. Bago sila kumain, nagdasal muna ang mag-anak at pinangunahan ito ni Lisa. "Salamat po sa masarap na pagkaing nasa harapan namin," ang sambit niya.





Matapos kumain, sama-samang nagsimba ang mag-anak


1. Ano-ano ang biyayang natanggap ni Lisa nang umagang iyon?
2. Ano ang ginawa ni Lisa bago sila kumain?
3. Kanino siya nagpasalamat? Bakit?



## ISAISIP NATIN

Ano ang mga biyayang natanggap mo mula nang magising ka kaninang umaga? Itala mo ito sa iyong kuwaderno.

Kumuha ng kapartner. Pag-usapan ang mga natanggap na biyaya ng bawat isa. May pagkakatulad ba kayo? Pagkakaiba? Itala ang inyong kasagutan sa isang papel katulad ng nasa ibaba.



Nalaman mo na lahat tayo ay may mga biyayang tinatanggap araw-araw. Ano ang dapat mong gawin sa mga biyayang ito?


## Ating Tandaan


Lahat tayo ay may mga biyayang natatanggap sa araw-araw. Dapat natin itong pahalagahan at ipagpasalamat sa ating Panginoon.




## ISAGAWA NATIN

Sa mga larawan sa ibaba, alin ang nagpapakita ng pagiging magiliw at palakaibigan? Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong kuwaderno.







## ISAPUSO NATIN

Isipin ang mga biyayang tinatanggap mo sa araw-araw na dapat mong ipagpasalamat sa Diyos. Isulat ang iyong dasal ng pasasalamat sa kuwaderno.





## ISABUHAY NATIN

Bumuo ng apat na pangkat. Pag-usapan ang mga sitwasyon na nasa ibaba. Ipakita sa klase ang inyong gagawin sa pamamagitan ng dula-dulaan.

**Pangkat 1** – Birthday mo ngayon. Naghanda ng party ang iyong mga magulang. Dumalo dito ang iyong mga kaibigan. Paano mo sila pahahalagahan / pasasalamatan?

**Pangkat 2** – May ipinagagawang proyekto ang iyong guro. Dapat ninyo itong ipasa kinabukasan. Pag-uwi mo sa bahay hinanap mo agad ang mga gagamitin subalit hindi mo makita. Tinulungan kang maghanap ng iyong ina kaya nakita mo agad ang mga ito. Bukod doon, tinulungan ka rin niya sa paggawa ng iyong proyekto. Sapagkat natapos mo agad ang mga ito sa tulong ng iyong ina, paano mo siya pahahalagahan / pasasalamatan?

**Pangkat 3** – Nagtuturo ang iyong guro subalit hindi mo maintindihan ito. Pinaiwan ka ng iyong guro at tinuruan ka nito hanggang sa matutuhan mo ang aralin. Paano mo ipapakita ang iyong pasasalamat sa iyong guro?

**Pangkat 4** – Oras ng **recess**. Lahat ng kaklase mo ay pumila na sa pagbili maliban sa'yo dahil naiwan mo sa bahay ang baon mo. Binigyan ka ng iyong kaklase ng binili nya. Paano mo siya pahahalagahan / pasasalamatan?



## SUBUKIN NATIN

Sumulat ng limang pangungusap na tumutukoy sa mga biyayang natatanggap mo sa araw-araw at kung paano mo ito pahahalagahan at pasasalamatan.



## GINTONG ARAL


| |
|---|
| Araw-araw na biyaya,<br>Ipagpasalamat sa Poong Lumikha. |




# Kakayahan ko, Gagamitin ko

Naranasan mo na bang manalo sa paligsahan?

Sa araling ito, sama-sama nating tuklasin ang iba't ibang paraan upang magamit ang talino at mga kakayahang ipinagkaloob sa atin.










## ALAMIN NATIN

Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Alamin kung ano ang ginagawa ng bawat bata sa larawan.



1. Tama ba ang ginagawa nila? Bakit?
2. Alin sa mga ito ang kaya mong gawin?
3. Bukod sa mga ibinigay na halimbawa sa itaas, ano pa ang mga kakayahan at talino na mayroon ka?

Tingnan ang mga larawang nasa tsart. Alamin kung alin sa mga ito ang talino at kakayahan na ginagamit mo.

Iguhit ang masayang mukha **(☺)** kung ginagawa mo ang nasa larawan at malungkot **(☹)** na mukha naman kung hindi mo ito ginagawa.

| Talino at Kakayahan | |
|---|---|
|  | |
|  | |
|  | |

| Talino at Kakayahan | |
|---|---|
|  | |
|  | |



**ISAISIP NATIN**

Basahin ang maikling kuwento sa ibaba.

**Ang Aking Kakayahan**

ni V.G. Biglete



Si Angel ay pitong taong gulang. Siya ay nasa Ikalawang Baitang at bagong lipat sa Paaralang Elementarya ng San Andres.



Mahusay gumuhit si Angel. Siya ay palaging kalahok sa paligsahan sa pagguhit sa kanyang dating paaralan.




Minsan ay tinanong siya ng kanyang guro kung nais niyang lumahok sa gaganaping “**Poster-Making Contest.**” Tinanggap niya ito at hindi nahiyang ipakita ang kanyang talento.

## Pag-usapan natin

1. Sino ang batang may angking talino at kakayahan sa kuwento?
2. Sa paanong paraan niya ito ginamit?
3. Sa iyong palagay, tama kayang ilabas at ipakita sa iba ang talino at kakayahan na mayroon ka? Bakit?

Isulat ang tsek **(✓)** sa papel kung ang mga larawan ay nagpapakita ng tamang paggamit ng talino at kakayahan at ekis **(✗)** naman kung hindi.

A



B



C



D




E




## Ating Tandaan

Lahat tayo ay may kani-kaniyang angking talino at kakayahan na dapat gamitin at ipagpasalamat.



## ISAGAWA NATIN

Pangkatin ang mga sarili ayon sa inyong kakayahan. Isulat sa gitna ng bituin ang inyong kakayahan. Sa mga nakapaligid na bilog isulat kung paano ninyo ito ginagamit at pinahahalagahan.






## ISAPUSO NATIN

Ano ang naramdaman mo sa ibinahaging talino at kakayahan ng iyong mga kamag-aaral?

Lagyan ng kulay dilaw ang larawang nagpapakita nito.



Ano naman ang naramdaman mo para sa iyong sarili nang maibahagi mo sa iyong mga kamag-aral ang angkin mong talino at kakayahan?

Lagyan ng kulay rosas ang larawang nagpapakita nito.





## ISABUHAY NATIN

Nalaman mo at naibahagi sa klase ang wastong paggamit ng talino at kakayahan.


Paano ito makatutulong sa iyong buhay bilang isang bata at mag-aaral? Isulat ang iyong sagot sa loob ng kahon.



## SUBUKIN NATIN

Isulat ang sagot sa loob ng puso. Ngayong alam ko na ang dapat kon

g gawin sa aking angking talino at kakayahan, ako ay nangangakong…



________________________

Lagda



## GINTONG ARAL

| |
|---|
| Ang wastong paggamit ng kakayahan at talino sa mabuting paraan ay kinalulugdan. |




# Talino at Kakayahan ko, Ibabahagi ko

Sa araling ito, malalaman mo ang mga mabuting bagay na naidudulot nang pagbabahagi ng angking talino at kakayahan sa iba.









## ALAMIN NATIN

Ano-ano kaya ang aking talino at mga kakayahan na puwede kong ibahagi sa iba?

## Gawain 1

Bumuo kayo ng apat na grupo ayon sa inyong kakayahan. Maghanda kayo ng isang palabas upang maipakita ang inyong talento.

Unang grupo – marunong magdrowing
Ikalawang grupo – marunong umawit
Ikatlong grupo – marunong sumayaw
Ikaapat na grupo – marunong tumula

Ano ang masasabi ninyo sa inyong mga palabas? Gusto mo rin bang matutuhan ang mga telento o kakayahang ito? Ano ang data mong gawin?

## Gawain 2

Humanap ng kapareha at pag-usapan ang inyong mga ginagawa sa tahanan o pamayanan para maibahagi ang inyong talino at mga kakayahan.



## ISAISIP NATIN

Tingnan at pag-aralan ang mga larawan.

Siya si Liza. Mahusay siyang magluto ng iba't ibang pagkain. Kapag walang pasok sa paaralan ay tumutulong siya sa kanyang ina sa pagluluto ng kanilang makakain. Kaya naman palagi siyang binibigyan ng pasalubong ng kanyang ina pagdating nito galing sa trabaho.



Sina Mika at Dina ay matalik na magkaibigan. Pareho silang may kakayahan sa pagtatanim at pagpapalaki ng mga halaman. Sa paaralan ay tumutulong sila sa pagtatanim ng mga gulay at nang iba pang uri ng halaman. Ang lahat ng guro sa paaralan ay tuwang-tuwa dahil sa kanilang taglay na kasipagan.



Si Mara ang pinakamatalino sa kanilang klase. Kapag may mahihirap na aralin ay sa kanya humihingi ng tulong ang kanyang mga kamag-aral. Kapag tanghali, sa pangunguna ni Mara, sama-sama sila ng mga kamag-aral niya na nag-aaral sa silid-aklatan. Marami siyang kaibigan dahil ibinabahagi niya ang kanyang mga nalalaman sa iba.




Ang bawat bata ay may kanya-kanyang talino at kakayahan. Maraming iba't ibang paraan para maibahagi ito sa iba. Makakatulong ka na, mapapasaya mo pa sila.

## Ating Tandaan

Ang pagbabahagi ng kakayahan ay isang magandang ugali. Madami itong magandang maidudulot sa atin. Isang paraan ito ng pagpapasalamat sa Panginoon sa bigay niyang talino at kakayahan.



## ISAGAWA NATIN

Bumuo ng apat na pangkat.

Maupo ng paikot. Pag-usapan kung ano-ano ang inyong talino at kakayahan? Paano ninyo ito ibinabahagi sa iba?

Ipakita ito sa pamamagitan ng maikling dula-dulaan.



## ISAPUSO NATIN

Basahin ang kuwento.

### Ang Magpinsan

ni V.G. Biglete






Sina Mia at Yana ay magpinsan. Sa iisang paaralan sila nag-aaral. Pareho silang matalino sa kanilang klase. Magaling din sila pareho sa pagsayaw at pagkanta. Sa kanilang dalawa, si Mia lamang ang kilala ng lahat ng guro at karamihan sa mga mag-aaral.

Palaging sumasali si Mia sa mga paligsahan, samantalang si Yana ay hindi dahil nahihiya siya. Tinuturuan din ni Mia ang mga kaklase niya na nahihirapan sa ibang aralin, samantalang si Yana ay nag-aaral mag-isa. Kaya naman sa kanilang magpinsan, mas maraming kaibigan si Mia.

## Pag-usapan natin

1. Sino ang magpinsan sa kuwento?
2. Ano-ano ang mga kakayahan nila?
3. Paano ito ibinabahagi ni Mia sa iba? Ganito rin ba ang ginagawa ni Yana?
4. Magkapareho ba ng ugali sina Mia at Yana?
5. Sino kina Mia at Yana ang tutularan mo? Bakit?



## ISABUHAY NATIN

Iguhit sa kuwaderno ang puso at isulat sa loob ng puso ang **T** kung tama ang ginagawa ng mga bata at **M** kung mali.

1. Mahusay si Ardee sa pagpipinta kaya malimit siyang sumasali sa mga paligsahan.

2. Magaling kumanta si Rona, pero ayaw niyang kumanta sa harap ng ibang tao dahil nahihiya siya.

3. Isa si Mina sa matatalinong bata sa klase ni Gng. Maghirang. Kapag may libreng oras, tinuturuan niya ang ibang bata na nahihirapan sa ibang aralin.

4. Si Tina ay mahusay lumangoy. Tuwing Sabado at Linggo, tinuturuan niya ang mga batang gusto ring matutong lumangoy.

5. Masarap magluto ng pagkain si Ana. Ngunit hindi siya tumutulong sa kanyang ina sa pagluluto sa kanilang bahay.



## SUBUKIN NATIN

Iguhit sa sagutang papel ang **masayang mukha** (☺) kung ginagawa mo ang sitwasyon at **malungkot na mukha** (☹) kung hindi.

1. Tinutulungan ko sa paglilinis ng bahay ang nanay araw-araw.
2. Hindi ko tinuturuan ang mga kaklase na nagpapaturo sa mga araling hindi nila maintindihan.
3. Hindi ko ipinapakita sa iba ang galing ko sa pagpipinta dahil nahihiya ako.
4. Kinakantahan at tinutugtugan ko ng gitara ang aking pamilya para mapasaya sila.
5. Nagtatanim ako ng mga halaman sa aming bakuran upang matulungan ang nanay ko sa kanyang paghahalaman.



## GINTONG ARAL

Kakayahan at talino,
Buong pagmamahal na ibabahagi ko.





# Kasiyahan ko, Tulungan ang Kapwa ko

Nakatulong ka na ba sa iyong kapwa?

Sino-sino na ang natulungan mo? Sa anong paraan mo sila natulungan? Masaya ka ba matapos mo silang matulungan?

Sa araling ito, mahalaga na malaman mo na isang magandang ugali ang pagtulong sa kapwa. Maraming paraan ang pagtulong. Maganda ang maidudulot sa iyo bilang bata. Tandaan mo na ang pagtulong sa kapwa ay may kapalit na biyaya mula sa Panginoon.







## ALAMIN NATIN



Siya si Kiko. Ulilang lubos na siya. Lola na lamang niya ang nag-aalaga sa kanya. Naglalako siya ng dyaryo tuwing madaling araw upang makatulong sa lola niya sa pagpapaaral sa kanya.



Siya naman si Matt. Parehong may trabaho ang kanyang mga magulang. Lahat ng mga pangangailangan niya ay naibibigay ng kanyang mga magulang. Palaging kumpleto ang mga gamit niya sa paaralan.

Sagutin ang mga tanong:

1. Sino sa dalawa ang mas nangangailangan ng tulong?
2. Bakit mo nasabi na kailangan niya ng tulong?
3. Paano mo siya matutulungan?

## Gawain 1

Gaano mo kadalas ginagawa ang mga gawain sa ibaba. Lagyan ng tsek **(✓)** ang hanay ng iyong sagot.Gawin ang tseklis sa inyong kuwaderno.

| Gawain | Palagi | Pa-minsan-minsan | Hindi |
|---|---|---|---|
| 1. Nagpapahiram ako ng gamit sa aking mga kaklase na walang pambili. | | | |
| 2. Tumutulong ako sa nanay ko sa paglilinis ng bahay. | | | |
| 3. Nagbibigay ako ng baon sa mga kaklase kong walang baon. | | | |
| 4. Tumutulong ako sa kaibigan ko kapag siya ay nasaktan. | | | |
| 5. Nagbibigay ako ng pagkain sa mga pulubi. | | | |

## Gawain 2

Humanap ka ng kapareha.
Pag-usapan ang mga naging sagot sa mga tanong sa Gawain 1.
Ibahagi sa buong klase ang inyong napag-usapan.




Basahin ang tula.

### Pagtulong sa Kapwa

ni V.G. Biglete

Maraming tao ang nangangailangan
Dahil sa kanilang mga kakulangan,
Ngunit paano ko sila matutulungan
Kung ako'y isang bata lamang.

Sabi sa akin ng aking mga magulang
Tumulong palagi sa anumang paraan,
Maging ito ay malaki o maliit lamang
Ang mahalaga sila'y aking natulungan.

Ang Poong Maykapal hindi nakalilimot
Lalo na sa mga taong hindi madamot,
Ipagpatuloy palagiang pagtulong,
Mga biyaya siguradong matatamo.

Sagutin:

1. Tungkol saan ang binasang tula?
2. Sino-sino ang nangangailangan ng tulong?
3. Paano mo sila matutulungan?
4. Ano-ano ang mabuting maidudulot sa iyo ng pagtulong sa kapwa?

## Ating Tandaan

Ang pagtulong sa kapwa ay isang magandang kaugalian. Sa kahit anong paraan, maliit man o malaki, makatutulong tayo sa iba. Ito rin ay paraan ng pagtulong sa kapwa upang ipakita



## ISAGAWA NATIN

**Gawain 1**

Basahin ang mga sitwasyon. Pumili ng kapareha at pag-usapan ito.

1. Marami kang baon ng araw na iyon, napansin mo na walang dalang baon ang katabi mo. Ano ang dapat mong gawin?


2. Nakita mo na may matandang tatawid sa kalsada. Napansin mo na maraming sasakyang dumaraan. Ano ang dapat mong gawin?

3. Makalat ang buong silid-aralan. Maraming ginagawa ang iyong guro. Ano ang dapat mong gawin?

4. Naglalaro kayo ng iyong mga kaibigan. Nadapa ang isa sa kanila at nasugatan. Ano ang dapat mong gawin?

5. May kaklase ka na palaging walang dalang lapis. Nalaman mo na hindi pala niya kayang bumili dahil wala silang pera. Ano ang dapat mong gawin?

**Gawain 2**

Iguhit ang bituin  sa kuwaderno o sagutang papel. Kulayan ng dilaw ito kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng pagtulong sa kapwa. Itim naman kung hindi.

1. Araw-araw tumutulong sa paglilinis ng silid-aralan si Marvin.
2. Tuwing may nangangailangan, pinapahiram ni Martin ang pantasa sa kanyang kanyang kaklase.

3. Hindi pinapansin ni Fernando ang mga pulubi na namamalimos sa kanya.
4. Tinuturuan ni Ardee ang kanyang mga kaklase na hindi agad nakaunawa sa mga aralin.
5. Ayaw akayin ni Jayson ang pilay niyang pinsan sa pagpasok sa paaralan.



**ISAPUSO NATIN**

Ang pagtulong sa kapwa ay isang magandang kaugalian. Pagpapakita na rin ito ng pagmamahal sa ating Panginoon. Ugaliin ang pagtulong sa kapwa.

Isipin ang mga panahong ikaw ay nakatulong sa iyong kapwa, maging sa paraang maliit man o malaki. Isulat mo ito sa paligid ng iyong "Puno ng Pagmamahal."





## ISABUHAY NATIN

Magdula-dulaan tayo.

Bumuo ng limang pangkat. Bawat pangkat ay mag-iisip ng mga taong nangangailangan ng tulong at kung paano nila ito matutulungan.

Isadula sa harap ng klase ang inyong napag-usapan.



## SUBUKIN NATIN

Ngayon ay alam mo na kung sino-sino ang nangangailangan ng tulong at kung paano sila matutulungan.

Buuin ang mga pangungusap. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ang pagtulong sa kapwa ay (mabuting, masamang) gawain.

2. Kapag ikaw ay tumulong sa kapwa, marami ang (magagalit, matutuwa) sa iyo.

3. Pinagpapala ng Panginoon ang mga taong palaging (tumutulong, hindi tumutulong) sa kapwa.

4. (Marami, Kakaunti) ang mga taong nagmamahal sa iyo kung palagi kang nagbibigay ng tulong.

5. (Masaya, Malungkot) ako kapag tumutulong sa kapwa.




Ang tumutulong sa kapwa
ay laging pinagpapala.




# Kakayahan at Talino mo, Paunlarin mo!

Ikaw ba ay may natatanging talino at kakayahan?

Masaya ka ba sa talino at kakayahang mayroon ka?

Sa paanong paraan mo ginagamit at pinauunlad ang mga biyayang bigay sa iyo ng Panginoon?

Sa araling ito sama-sama nating tuklasin ang iba't ibang paraan upang mapaunlad ang talino at kakayahang mayroon tayo.







## ALAMIN NATIN

Nakasali ka na ba sa ganitong gawain?

Paligsahan





Pagkanta sa Simbahan

Paglilinis ng Komunidad



Ano ang natutunan mo sa ganitong gawain?



## ISAISIP NATIN

Basahin ang tula sa ibaba.

**Munting Bata**
Ni V.G. Biglete

Ako'y isang munting bata,
Pinagpala ng Poong lumikha.
Sa Kanyang mga biyaya,
Ako'y tuwang-tuwa.

Pinauunlad ko't ginagamit,
Mga katangian kong nakamit.
Sa paligsahan man o pagsusulit,
Pasasalamat walang kapalit.

Sa lahat ng ating biyaya,
Pasalamatan Poong Lumikha.
Mga kakayahang ipinagkatiwala,
Laging gamitin ng tama.

## Pag-usapan natin

1. Ano-anong talino at kakayahan ang taglay ng munting bata?
2. Sino ang dapat nating pasalamatan sa mga biyayang mayroon tayo?
3. Sa paanong paraan mo ipinakikita ang pagpapasalamat para sa mga ito?

Marami tayong makukuha sa pagsali sa mga pangkatang gawain. Marami tayong makikilalang mga bagong kaibigan. Magagamit at maipakikita natin ang ating talento. At higit sa lahat, mapauunlad natin ang ating talino at kakayahang bigay sa atin ng Panginoon.

## Ating Tandaan

Lahat tayo ay natatangi at pinagpala ng ating Panginoon na may iba't ibang talino at kakayahan. Dapat natin itong paunlarin bilang pasasalamat sa Panginoong nagbigay sa atin.




## ISAGAWA NATIN

Alin sa sumusunod na larawan ang nasalihan mo na? Isulat ang bilang ng larawan sa kuwaderno.









4.





5.





## ISAPUSO NATIN

Ano ang nararamdaman mo kapag lumalahok ka sa mga gawain na nakapagpapaunlad ng iyong talino at kakayahan? Kulayan ang mukha ng napili mong sagot. Iguhit ang inyong sagot sa kuwaderno.





## ISABUHAY NATIN

Dapat nating paunlarin ang talino at kakayahang bigay ng Panginoon sa atin.

Bilang isang natatanging bata, papaano mo pauunlarin ang talino at kakayahang binigay sa iyo? Ipaliwanag.



**SUBUKIN NATIN**

Lagyan ng tsek **(✓)** ang tamang hanay na nagsasabi ng iyong sagot. Gawin ang tseklis sa sagutang papel.

| **Ginagawa mo ba ito?** | **HINDI** | **BIHIRA** | **MADALAS** | **LAGI** |
|---|---|---|---|---|
| 1. Tinutulungan ko ang kaklase kong may kapansanan. | | | | |
| 2. Sinisigawan ko ang aming katulong o kasambahay. | | | | |
| 3. Pinagtatawanan ko ang mga batang lansangan. | | | | |
| 4. Binibigyan ko ng baon ang kaklase kong walang baon. | | | | |
| 5. Nakikipagtulakan ako sa pagpila kung oras ng reses. | | | | |



**GINTONG ARAL**

Pagpapaunlad ng talino at kakayahan, tungo sa kapakipakinabang at maayos na buhay.